



VOL. 66 | N° 02 | 2025
CENTENNIAL EDITION

100 Taon
ng **REPORMASYON**

ang *tagapagbalita* ng **REPORMASYON**

Ang Panghuling Pagpapadala ng Tulong ng Dios

Ang Huling Ulan at ang Pagtatapos ng Gawain ng Dios



Linggo ng Panalangin, Hulyo 11 - 20, 2025

Pagtutok sa mga Prayoridad

May mga sandali sa buhay na kinakaharap natin ang agarang pangangailangan. Sa huling mga oras bago ang dakilang paglabas ng mga anak ni Israel, ang panahon ay limitado. Ang mga banal na tagubilin ay ibinigay ukol sa pagkain na para sa Paskuwa: “At ganito ninyo kakanin; may bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangnan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dalidali; siyang paskua ng Panginoon” (Exodo 12:11 idinagdag ang pagdidiin).

Wala nang panahon upang maghintay, wala ng luho upang magpahinga nang malaya na walang sapin ang paa, ni pagkakataong ibaba ang tungkod. Ang bayan ay kinakailangang makibahagi sa simbolikong pagkaing ito nang may pagmamadali. Bakit?

Ipinaliwanag ng Diyos: “Sapagka’t ako’y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto, ako ang Panginoon. At ang dugo ay magiging sa inyo’y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, sa pananakit ko sa lupaing Egipto” (Exodo 12:12–13 idinagdag ang pagdidiin).

Ito’y usapin ng buhay at kamatayan. Kinakailangang itaon nila ang paggamit ng kanilang oras ayon sa pangangasiwa ng Diyos.

Hindi ba natin nakikita ang ating mga sarili na nasa parehong kalagayan ngayon? “Sapagka’t narito, tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga bayan.” (Isaia 60:2). Hindi ba’t hinaharap natin ngayon ang matinding kadiliman sa gitna ng karamihang nalubog sa kaguluhang gaya ng sa Babilonia? “Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan ng baw’t espiritung karumaldumal, at kulungan ng baw’t karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon. Sapagka’t dahil sa alak ng galit ng kaniyang pakikiapid ay nangaguho ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari sa lupa ay nangakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang kalayawan. At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot: Sapagka’t ang kaniyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit at naalaala ng Dios ang kaniyang mga katampalasan” (Pahayag 18:2–5 idinagdag ang pagdidiin).

Muli, ito’y usapin ng buhay at kamatayan. Ang mga hari at mga mangangalakal na nagpapatok ng lipunan ay nasasangkot sa hindi matuwid na pakikipag-ugnayan sa mga nagpapatuloy nitong kaguluhang gaya ng sa Babilonia. Paano tayo makakatitay na tayo’y tuluyang makakatakas mula sa bitag na ito? At paano rin natin matutulungan ang iba na makalaya mula rito?

Tayo ay nasa ika-100 na taon nang umiiral ngayon. Salamat, sa biyaya ng Diyos, marami na ang naisakatuparan. Ngunit marami pa rin ang hindi pa natatapos. Kaya, ang panahon ay talagang maikli na.

“Ang gawain kung saan ang iglesia ay nabigong isakatuparan sa panahon na mapayapa at masagana ay kakailanganing gawin sa panahon ng matinding krisis sa ilalim ng mga pinakamatitindi at nakakatakot na sitwasyon. Ang mga babala na pinatahimik o ipinagkait dahil sa pakikibagay sa sanlibutan ay kinakailangang ibigay sa ilalim ng pinakamalupit na pagsalungat mula sa mga kaaway ng pananampalataya.”

Oo, kinakailangan tayong magmadali. Kinakailangan nating “samantalain ang panahon, sapagka’t ang mga araw ay masasama” (Efeso 5:16). Ang pagbubuhos ng Banal Espiritu sa kapuspusan nito ay matagal nang naaantala, tiyak hindi dahil sa pagkukulang ng sakdal na Diyos, kundi dahil sa ating kawalan ng pananabik at pagka-uhaw para sa Espiritu—at oo, ang paghahanda para sa kapuspusan nito sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya.

“Atin bang binubuksan ang pintuan ng ating puso kay Jesus, at isinasara ang lahat ng paraan sa pagpasok ni Satanas? Araw-araw ba tayong tumatanggap ng mas malinaw na liwanag at higit na kalakasan, upang tayo’y makatayo sa katuwiran ni Cristo? Atin bang inaalisang laman ang ating mga puso ng lahat ng kasakiman at nililinis ito, bilang paghahanda sa pagtanggap ng huling ulan mula sa langit?”

Si Cristo ay ipinagkaloob na nang may kagandahang-loob ang daan sa pamamagitan ng Kanyang pagkakapako, pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat sa langit. Ngayon, higit kailanman, lubos nating kinakailangan ang Banal na Espiritu. Ang taimtim na pagsusumamo para dito ang dapat nating maging pangunahing alalahanin.

¹ *Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 463.

² *Historical Sketches*, p. 155.

Official Church Publication of the Seventh
Day Adventist Reform Movement

“The greatest want of the world is the want of men—
men who will not be bought or sold.”—*Education*, p. 57.

Editor B. Montrose
Layout and Design D. Conceição

Web: www.sdarm.org; E-mail: info@sdarm.org

THE REFORMATION HERALD® (ISSN 0482-0843) features articles
on Bible doctrine that will enrich the spiritual life of those who seek to
know more about God. It is published quarterly by the Seventh Day
Adventist Reform Movement General Conference, P. O. Box 7240,
Roanoke, VA 24019-0240, U.S.A.

Printed and distributed by Reformation Herald Publishing Association.
Manuscripts, inquiries, address changes, subscriptions, payments,
and donations should be mailed to the address below. Periodical
postage paid at Roanoke, Virginia 24022.

Subscription rates:

United States: \$18.00; Foreign countries: \$16.00 plus shipping;
Single issue: \$4.00 plus shipping www.subscriptions.reformationherald.com

POSTMASTER: Send address changes to The Reformation
Herald, P. O. Box 7240, ROANOKE, VA 24019.

Vol. 66, No. 2; Copyright © 2025, April–June issue.

Illustrations: Adobe Stock on the front cover; Freepik on pp.
4, 7, 9, 13, 17, 19, 28, 31, 34; Creative Commons on pp. 22, 27.



Ang Huling Pagpapadala ng Tulong ng Dios

Kapag ang isang bagay ay pinatitibay, ito'y lalo pang lumalakas upang hindi mabali kung saan ito ay may posibilidad na masira sa ilalim ng matinding pagsubok.

Nguni't kamusta naman tayo? Ikaw ba'y nakararanas ng natatanging kalakasan ngayon—sa katawan, sa kaisipan, at sa pang-espiritwal? Sa panahong ito ng mapanganib na panahon sa kasaysayan, nararapat lamang na ang bawat mananampalataya ay maging lubos na mulat sa ating likas na kahinaan at mga limitasyon—at sa ating matinding pangangailangan sa Makapangyarihan sa lahat.

Ang Diyos sa Kaniyang kahabagan ay nalalaman kung gaano ang ating kapakinabangan mula sa karagdagang pagpapatibay sa mga sandaling ito. Kaya't ngayong taon, bilang paggunita sa ika-100 na taon ng pagkakatatag ng Seventh Day Adventist Reform Movement, ating kilalanin ang ating pangangailangan sa Kaniyang panghuling pagpapadala ng tulong upang matapos ang gawaing ipinagkatiwala sa mga matapat sa mga huling araw na ito.

Habang tayo'y mapagpakumbabang nagkakatiyon sa espesyal na Linggong ito ng Panalangin, tayo ay manalangin ng taimtim para sa pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa kapuspusan nito. Ang “kaginhawahang” ito ay ang nakakamanghang pagpapadala ng tulong na ipinangakong magmumula sa Langit—at ito'y mapagbiyayang ipagkakaloob sa simpleng mga kondisyon.

Ang mga pagbasa para sa Special Week of Prayer na ito ay ipinapaliwanag ang mga kondisyong ito at ang saganang mga pagpapalang matatamo mula sa pagtanggap ng Banal na Espiritu sa kapangyarihan ng huling ulan.

Habang ipinagpapatuloy natin ang mga pagbasa sa paksang “Ang Panghuling Pagpapadala ng Tulong ng Dios” na may mithiing sundin nang matapat ang mga itinalagang kondisyon—na bukás at handang tumanggap nitong pagbubuhos—ang ating pananampalataya ay lubos na gagantimpalaan. Gawin din nating layunin na ibahagi ang dakilang pagpapala ng mga pagbasa sa mga kapatid nating maaaring nakahiwalay o hindi makaalis sa tahanan.

Nawa'y ang Panginoon ay mapagbiyayang tumugon sa buong-pusong pagnanais ng lahat na masigasig na nagsisikap para sa pagpapatibay na ito, at nawa'y tumanggap tayo ng Kaniyang Banal na Espiritu sa kapangyarihan ng huling ulan sa panahon nitong Espesyal na Linggo ng Panalangin!

Sa isyung ito

1	Ang Patuloy na Pagdaloy ng Langis	4	2	Ang Makalangit na Kalapati	9	3	Mga Sisidlang Walang Laman	13
4	Paghahanda Patungkol sa Pagkain	17	5	Mula sa Matinding mga Pagsubok	22	6	Kalakasan sa Pagkakaisa	28
7	Nagtatagumpay at Patuloy na Magtatagumpay	34						



Ang Patuloy na Pagdaloy ng Langis

Biyernes, Hulyo 11, 2025

“Kung magkagayo’y makakatulad ang kaharian ng langit ng sangpung dalaga, na nagsipagdala ng kanilang mga ilawan, at nagsilabas upang salubungin ang kasintahang lalake. At ang lima sa kanila’y mga mangmang, at ang lima’y matatalino. Sapagka’t nang dalhin ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nangagdala ng langis: Datapuwa’t ang matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan. Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake, ay nangag-antok silang lahat at nangakatulog. Datapuwa’t pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang salubungin siya. Nang magkagayo’y nagsibangon ang lahat ng mga dalagang yaon, at pinag-igi ang kanilang mga ilawan. At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka’t nangamamatay ang aming mga ilawan. Datapuwa’t nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasya sa amin at sa inyo: magsiparoon kayo sa nagsisipagbili, at magsibili kayo ng ganang inyo. At samantalang sila’y nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang lalake; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan. Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na nagsisipagsabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami. Datapuwa’t sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala. Mangagpuyat nga kayo, sapagka’t hindi ninyo nalalaman ang araw ni ang oras.” (Mateo 25:1-13)

Ang Langis na Ginintuan

Bigkisan ninyo ang inyong mga baywang, at paningasan ang inyong mga ilawan; At magsitulad kayo sa mga taong nangaghihintay sa kanilang panginoon kung siya’y bumalik na galing sa kasalan; upang kung siya’y dumating at tumuktok, pagdaka’y mabuksan nila siya. Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating ang Panginoon ay maratnang nangagpupuyat: katotohanang sinasabi ko sa inyo na siya’y magbibigkis sa sarili, at sila’y pauupuin sa dulang, at lalapit at sila’y paglilingkurang niya. At kung siya’y dumating sa ikalawang pagpupuyat, o sa ikatlo, at masumpungan sila sa gayon, ay mapapalad ang mga aliping yaon. . . . Kayo rin naman ay mangagsihanda: sapagka’t sa oras na hindi ninyo iniisip, ang Anak ng tao ay darating.

Tayo’y binabalaan dito na huwag dayain ang ating sariling mga kaluluwa sa mga pribilehiyong ipinagkaloob

ng Panginoon upang tayo'y maging mayaman sa pananampalataya at maging mga tagapagmana ayon sa Kaniyang pangako. Tayo ay dapat magpuyat nang buong pagbabantay sa pagdating ng Panginoon. Ang unang mga palatandaan ng espirituwal na pagka-idlip ay dapat na mahigpit na mapanagumpayan. Ang unang hilig sa espirituwal na katamaran ay dapat na matatag na mapaglabanan. “Kayo’y maging mapagpigil, kayo’y maging mapagpuyat,” ang pangaral ng apostol. Bawat sandali ay dapat gamitin nang matapat. “Nguni’t ang magtitiis hanggang sa wakas ay siyang maliligtas.” Tayo ay inuutusang “lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas at ang paraan kung paano ito dapat gawin ay maliwanag na ipinahayag: “Sapagka’t ang Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa Kaniyang mabuting kalooban.”

Yaong mga nagnanais na maging handa sa pagsalubong sa Panginoon ay nararapat punuin ang kanilang mga ilawan ng langis ng biyaya. Ang pagkukulang sa bagay na ito ang nagpakita ng pagkakaiba sa mga mangmang na dalaga mula sa matatalino. Sila ay may dalang ilawan, subalit walang langis; ang kanilang mga ugali ay hindi makapanindigan sa pagsubok. Ang matatalinong dalaga ay hindi lamang may kaalaman sa katotohanan, kundi sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo, ang kanilang pananampalataya, pagtitiis, at pag-ibig ay patuloy na lumalago. Ang kanilang mga ilawan ay laging nadadagdagan sa pamamagitan ng kanilang buhay na pakikipag-ugnayan nila sa Ilaw ng Sanlibutan. At nang magising ang mga mangmang na dalaga, natagpuan nilang ang kanilang mga ilawan ay malabo na o halos patay na sa kadiliman, ang mga matatalinong dalaga, na ang kanilang ilawan na may maliwanag na ningas ay pumasok sa silid ng kasalan at ang pintuan ay isinara.

Yaong mga nagnanais na maging handa sa pagsalubong sa Panginoon ay nararapat na punuin ang kanilang mga ilawan ng langis ng biyaya.

Ang langis na ipinuno ng matatalinong dalaga sa kanilang mga ilawan ay kumakatawan sa Banal na Espiritu. “At ang anghel na nakipag-usap sa akin ay bumalik, at ginising ako, na gaya ng tao na nagigising sa kaniyang pagkakatulog. At sinabi niya sa akin, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako’y tumingin, at, narito, isang kandelero na taganas na ginto, na may taza sa ibabaw niyaon, at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw; may pitong tubo sa bawa’t isa sa mga ilawan na nasa ibabaw niyaon; At may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon, isa sa dakong kanan ng taza, at ang isa’y sa dakong kaliwa niyaon. ... Nang magkagayo’y sumagot ako, at nagsabi sa kaniya, Ano itong dalawang puno ng olibo sa dakong kanan ng kandelero, at sa dakong kaliwa? At ako’y sumagot na ikalawa, at nagsabi sa kaniya: Ano ang dalawang sangang olibong ito na nasa siping ng dalawang gintong padaluyan, na dinadaluyan ng langis na ginintuan? At siya’y sumagot sa akin, at nagsabi, Hindi mo бага nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabi, Hindi, panginoon ko. Nang magkagayo’y sinabi niya, Ito ang dalawang pinahiran ng langis, na nakatayo sa siping ng Panginoon ng buong lupa.”

Sa pamamagitan ng mga banal na nilalang sa palibot ng Kanyang luklukan, ang Panginoon ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga taga-lupa. Ang ginintuang langis ay kumakatawan sa biyaya na kung saan pinanatili ng Dios na ang mga ilawan ng mga mananampalataya ay natutustusan. Kung hindi dahil sa banal na Langis na ibinubuhos mula sa langit sa mga mensahe ng Espiritu ng Dios, ang mga ahensya ng kasamaan ay lubos na sanang mangibabaw sa sangkatauhan.

Ang Diyos ay hindi napararangan kapag hindi natin tinatanggap ang mga mensaheng Kaniyang ipinadadala. Sa gayon, tinatanggihan natin ang

ginintuang langis na ibig Niyang ibuhos sa ating mga kaluluwa upang maipahayag din naman ito sa mga nasa kadiliman. At kung ang panawagan ay dumating na, “Narito, ang kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang salubungin siya,” silang walang taglay na Banal na langis, na hindi nagtataglay ng biyaya ni Cristo sa kanilang mga puso, ay matatagpuang, gaya sa mga mangmang na dalaga na hindi handang salubungin ang kanilang Panginoon. Wala silang kakayahan sa kanilang sarili na magtaglay ng langis, at ang kanilang mga buhay ay nawawasak. Subalit kung ang Banal na Espiritu ng Diyos ay hihingin, kung tayo ay magsusumamo gaya ni Moises “Ipakita mo sa akin ang Iyong kaluwalhatian,” ang pag-ibig ng Diyos ay ibubuhos sa ating mga puso. Ang ginintuang langis ay ipagkakaloob sa atin.

Ang Pagbubuhos ng Langis

Ang bayan ng Diyos ay itinakdang maging mga daluyan para sa pagpapakita ng pinakadakilang impluwensya sa buong sansinukob. Sa pangitain ni Zacarias, ang dalawang puno ng olibo na nakatayo sa harapan ng Diyos ay inilalarawan na dumadaloy ang ginintuang langis mula sa kanila sa pamamagitan ng mga gintong padaluyan patungo sa taza ng santuario. Mula roon, ang mga ilawan sa santuario ay tinutustusan upang patuloy na magbigay-liwanag. Sa gayon, mula sa mga pinahiran na nakatayo sa presensya ng Diyos ang kapuspusan ng liwanag, pag-ibig, at kapangyarihan ay ipinagkakaloob sa Kaniyang bayan, upang maibahagi nila sa iba ang liwanag, kagalakan, at kaginhawahan.

Sila ay dapat na maging daluyan kung saan ang banal na mga kasangkapan ay ipaparating sa sanglibutan ang pagdaloy ng pag-ibig ng Dios.

Ang layunin na sinisikap ng Dios na maisakatuparan sa pamamagitan ng Kaniyang

Bakit hindi pumili ng isang tao upang manalangin para sa buong Linggong ito ng Panalangin? Ipaalam sa kanya na siya Ay manalangin para sa kanila, at alalahanin na gawin ito. Sa Linggo ng Panalangin ito, ako ay mananalangin

Pagninilay-nilay at Pagliliwanag

Bilang isang samahan ay nangangailangan ng pagkilos! Ipahayag natin ang liwanag ni Cristo Sa mga praktikal na pagkilos:

bayan ngayon ay pareho ng Kaniyang ninanais na maisakatuparan sa pamamagitan ng Israel nang inilabas Niya sila sa Egipto. Sa pagtingin sa kabutihan, ang habag, ang katuwiran at ang pag-ibig ng Dios na inihayag sa Iglesia, ang sanglibutan ay magkakaroon ng paglalarawan ng Kaniyang katangian. At kapag ang kautusan ng Dios ay nakikita sa buhay, kahit ang sanlibutan ay kikilalanin ang higit na kagalingan ng mga umiibig at natatakot at naglilingkod sa Dios nang higit sa lahat ng tao sa kalupaan. Ang mata ng Panginoon ay nasa bawat isa sa Kaniyang bayan. Siya ay may plano patungkol sa bawat isa.

Ang Liwanag na ikinalat sa ibang bayan

Ang mensahe ng pag-asa at habag ay kinakailangang dalhin sa lahat ng dako ng lupa. Sinoman ang may nais, ay maaaring maabot at panghawakan ang kalakasan ng Dios at makipagpayapaan sa Kaniya, at siya ay makipagpayapaan. Ang mga bansa ay hindi na mababalot ng kadiliman sa hatinggabi. Ang kapanglawan ay mawawala sa maliwanag na sinag ng Araw ng Katuwiran. Ang kapangyarihan ng hades ay madadaig.

Subali't walang sinoman ang maaaring makapagbabahagi nang hindi niya tinanggap sa kaniyang sarili. Sa gawain ng Dios, ang sangkatauhan ay walang magagawa. Walang tao sa kaniyang sariling pagsisikap ay maaaring gawin ang kaniyang sarili na tagapagdala ng liwanag para sa Dios. Ang ginintuang Langis na dumadaloy sa makalangit na mensahero patungo sa gintong padaluyan, na pinadadaloy mula sa gintong taza patungo sa mga ilawan ng santuwaryo, na gumagawa ng patuloy na matingkad at nagniningning na liwanag. Ito ay ang ang pag-ibig ng Diyos na patuloy na naililipat sa tao na nagbibigay-daan sa kanya upang makapagbahagi ng liwanag. Sa puso ng lahat na nakikiisa sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ang ginintuang langis ng pag-ibig ay malayang dumadaloy, upang muling suminag sa mabubuting gawa, sa tunay, taos-pusong paglilingkod sa Diyos. Sa dakila at hindi masukat na kaloob ng Banal na Espiritu ang lahat ng kayamanan ng langit ay nakapaloob. Hindi dahil sa anomang paghihigpit sa panig ng Diyos kung bakit ang kasaganaan ng Kaniyang biyaya ay hindi dumadaloy patungo sa lupa sa sangkatauhan. Kung ang lahat ay handang tumanggap, ang lahat ay mapupuspos ng Kaniyang Espiritu.

Pribilehiyo ng bawat kaluluwa na maging buhay na daluyan kung saan maaaring maipaabot ng Dios sa sanglibutan ang mga kayamanan ng Kanyang biyaya, ang mga natatagong mga kayamanan ni Kristo. Walang ibang lubos na ninanais ni Kristo bilang mga kinatawan na kakatawan sa sanlibutan ng Kanyang Espiritu at katangian. Walang ibang lubos na kinakailangan ang sanlibutan gaya ng pagpapakita sa sangkatauhan ng pag-ibig ng Tagapagligtas. Ang buong kalangitan ay naghihintay para sa mga daluyan kung saan maaaring ibuhos ang banal na langis upang maging

isang kagalakan at pagpapala sa puso ng tao.³

Bawat Isa ay Sisidlan

Malibang ang mga kaanib ng bayan ng Diyos ngayon ay may buhay na pakikipag-ugnayan sa Pinagmumulan ng lahat ng espirituwal na paglago, sila ay hindi magiging handa sa panahon ng pag-aani. Maliban kung kanilang pinananatiling maayos at nagniningas ang kanilang mga ilawan, sila ay mabibigo sa pagtanggap ng karagdagang biyaya sa panahon ng pangangailangan.

Tanging ang mga patuloy na tumatanggap ng bagong kaloob na biyaya ang magkakaroon ng kapangyarihang nauukol sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at ng kanilang kakayahang gamitin ang kapangyarihang iyon. Sa halip na maghintay ng panahon sa hinaharap ng bukod-tanging kaloob ng espirituwal na kapangyarihan, na sila ay tatanggap ng mahimalang pag-aangkop para sa pagliligtas ng kaluluwa, sila ay araw-araw na ipinapasakop ang sarili sa Diyos, upang sila'y maging mga sisidlang karapat-dapat sa Kaniyang gawain.

Araw-araw sila ay nagpapatotoo para sa Panginoon saan man sila naroroon, maging sa mababang kalagayan ng gawain sa tahanan o sa pangpublikong larangan ng pagiging kapaki-pakinabang.

Para sa mga itinalagang manggagawa, may nakakamanghang gantimpala sa kaalaman na maging si Cristo sa panahon ng Kaniyang pamumuhay sa lupa ay humihingi sa Kaniyang Ama araw-araw ng bagong kaloob na biyayang kinakailangan. Mula sa ganitong pakikipag-ugnayan sa Diyos, Siya ay lumalabas upang palakasin at pagpalain ang iba. Narito ang Anak ng Diyos ay nakayukod sa panalangin sa Kaniyang Ama! . . . Sa lahat na ibinibigay nang lubos ang kanilang sarili sa paglilingkod sa Kaniya ay ipinapangako Niya ang banal na tulong, Ang Kaniyang sariling halimbawa ay isang katiyakan na ang taimtim, matiyagang pananalangin sa Diyos na may pananampalataya—pananampalatayang umaakay ng lubusang pagtitiwala sa Diyos, at buong-pusong pagtatalaga sa Kaniyang gawain—ay makakatulong upang dalhin sa mga tao ang tulong ng Banal na Espiritu sa pakikibaka laban sa kasalanan.

Magagamit Na Ngayon!

Ang buong makalangit na kayamanan ay naghihintay ng ating paghiling at pagtanggap; at kapag ating tinanggap ang pagpapala, tayo rin naman ay nararapat na ibahagi ito. Sa gayon ang mga banal na ilawan ay matutustusan, at ang iglesia ay nagiging tagapagdala ng liwanag sa sanlibutan.

Ito ang gawaing nais ng Panginoon na ang bawa't kaluluwa ay maging handang gumawa sa panahong ito habang pinipigilan pa ng apat na anghel ang apat na mga hangin, upang hindi sila humihip hanggang sa matatakan sa kanilang mga noo ang mga lingkod ng ating Dios. Wala nang panahon para sa pansariling kaluguran. Ang mga ilawan ng kaluluwa ay dapat nang ayusin at lagyan ng langis ng biyaya. Ang bawa't pag-iingat ay dapat gawin upang maiwasan ang pang-espirituwal na pagbaba, baka maabutan tayo ng dakilang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw

Pribilehiyo ng bawat kaluluwa na maging buhay na daluyan kung saan maaaring maipaabot ng Dios sa sanglibutan ang mga kayamanan ng Kanyang biyaya, ang mga natatagong mga kayamanan ni Kristo.



sa gabi.

Ang bawat nagpapatotoo para sa Diyos ay dapat ngayong gumawa nang may katalinuhan sa mga larangan na itinalaga ng Diyos. Araw-araw nating hangarin ang malalim at buhay na karanasan sa gawain ng pagpapasakdal ng Kristiyanong katangian. Tayo ay dapat araw-araw na tumatanggap ng banal na langis, upang atin itong maibahagi sa iba. Ang lahat ay maaaring maging tagapagdala ng liwanag kung nanaisin nila. Dapat nating ibaba ang ating sarili sa pagtingin kay Jesus. Dapat nating tanggapin ang salita ng Panginoon sa mga payo at tagubilin, at masayang ipahayag ito. Iniuutos ni Cristo, “Manalangin kayo nang walang patid,” ibig sabihin, panatiliing nakataas ang isipan sa Diyos, na Siyang bukal ng lahat ng kakayahan at kagalingan.

Maaaring matagal na tayong lumalakad sa makipot na landas, ngunit hindi ito ligtas na katibayan na atin itong susundin hanggang sa katapusan. Kung tayo ay lumalakad na kasama ng Diyos sa pakikisama ng Espiritu, ito ay dahil atin Siyang hinahanap araw-araw sa pananampalataya. Mula sa dalawang puno ng olibo ang ginintuang langis ay dumadaloy sa pamamagitan ng mga gintong padaluyan na naipapaabot sa atin. Ngunit yaong mga hindi pinagbubuti ang espiritu at ugali ng pananalangin ay hindi makakaasa na tatanggap ng ginintuang langis ng kabutihan, pagtitiis, pagpapahinuhod, kahinahunan, at pag-ibig.

Bawa’t isa ay dapat panatilihin ang kaniyang sarili na hiwalay sa sanlibutan, na puno ng kasamaan. Tayo ay hindi dapat lumakad kasama ang Diyos sa ilang panahon lamang, at pagkatapos ay hihiwalay sa Kaniyang pakikisama at lalakad sa liwanag ng sariling pagpapaningas. Dapat ay mayroong matatag na pagpapatuloy, may pagtitiyaga sa mga gawa ng pananampalataya. . . .

Ang kapanahunan kung saan tayo ngayon ay nabubuhay ay, sa mga nagtatanong, ay ang dispensasyon ng Banal na Espiritu. Hilingin ang Kaniyang pagpapala. Panahon na upang tayo ay maging mas masigasig sa ating pagtatalaga. Sa atin ay ipinagkatiwala ang mahirap, subali’t masaya, maluwalhating gawain ng pagpapahayag kay Cristo sa mga nasa kadiliman. Tayo ay tinawagan upang ipahayag ang natatanging mga katotohanan para sa panahong ito. Para sa lahat ng ito ang pagbuhos ng Espiritu ay kinakailangan. Tayo ay dapat manalangin para dito. Ang Panginoon ay naghihintay sa atin na humingi sa Kaniya. Tayo ay hindi buong pusong nakatuon sa gawaing ito.

Akin Bang Hinahadlangan ang Pagdaloy?

Ang Espiritu ay hindi kailanman maibubuhos kung ang hindi pagkakaunawaan at kapaitan sa isa’t isa ay pinananatili ng mga kaanib sa iglesia. Ang inggit, paninibugho, masamang hinala, at panlilibak ay galing kay Satanas, at sila’y totooang hadlang sa pagkilos ng Banal na Espiritu.

Walang ibang bagay sa mundong ito ang mas mahalaga sa Diyos kaysa sa Kaniyang iglesia. Walang ibang Kaniyang pinangangalagaan nang may gayong pag-aalalang pag-iingat. Wala ring bagay na lubos na nakakasakit sa Kaniya kundi ang mga pagkilos na nakakasira sa impluwensiya ng mga gumagawa sa paglilingkod sa Kaniya. Pananagutin Niya ang lahat ng tumutulong kay Satanas sa kaniyang gawaing ito ng pagbatikos at pagpapahina ng kalooban.

Ang mga nagkukulang sa pagdamay, pagkahabag, at pag-ibig ay hindi maaaring gumawa sa gawain ni Cristo. Bago ang hula matutupad, Ang mahina ay magiging “gaya ni David,” at ang sangbahayan ni David “ay gaya ng anghel ng Panginoon,” ang mga anak ng Panginoon ay kinakailangang alisin ang lahat ng masamang hinala sa kanilang kapatiran. Ang ating mga puso ay dapat pumintig na nagkakaisa. Ang Cristianong kabutihan at ang pag-ibig sa kapatid ay dapat lubos na masaganang maipakita. Ang mga salita ay patuloy na umuukilkil sa aking pandinig, “Luamapit nang sama-sama, lumapit nang sama-sama.” Ang solemne at sagradong katotohanan para sa panahong ito ay upang pagkaisahin ang bayan ng Diyos. Ang pagnanais sa pangigingibabaw ay dapat mawala. Isang batayan ng pagkakatulad ang dapat tanggapin ng lahat ng iba pa—kung sino ang lubos na makatutulad nang malapit kay Cristo sa katangian, at kung sino ang lubos na maitatago ang sarili kay Jesus.

Ang pagbabago ng pag-uugali ang siyang magiging patotoo sa sanlibutan ng nananahang pag-ibig ni Cristo. Ang Panginoon ay inaasahan ang Kaniyang bayan na ipakita na ang kapangyarihan ng tumutubos na biyaya ay maaaring kumilos sa may depektong ugali, at magdulot ng paglago tungo sa ganap na pagkakatulad, at pagiging mabunga nang sagana. Subalit upang matupad natin ang layunin ng Diyos, may paghahandang dapat maisagawa. Ang Panginoon ay inuutusan tayong alisan ng laman ang ating puso ng kasakiman, na siyang ugat ng paglayo ng damdamin. Ninanais Niyang ibuhos sa atin ang Kaniyang Banal na Espiritu sa masaganang sukat, at tayo ay inuutusan Niyang linisin ang daan sa pamamagitan ng pagtalikod sa sarili. Kapag ang sarili ay isinusuko sa Diyos, ang ating mga mata ay mabubuksan upang makita ang mga batong katitisuran na dahil sa ating

Tayo ay dapat araw-araw na tumatanggap ng banal na langis, upang atin itong maibahagi sa iba. *Ang lahat ay maaaring maging tagapagdala ng liwanag kung nanaisin nila. Dapat nating ibaba ang ating sarili sa pagtingin kay Jesus.*

pagiging hindi katulad ni Cristo sa ugali na inilalagay sa landas ng iba. Ang lahat ng ito ay iniuutos ng Diyos na ating alisin. Sinasabi Niya, “Mangagpahayagan nga kayo sa isa’t isa ng inyong mga kasalanan, upang kayo’y magsigaling.” Sa gayon tayo ay may katiyakan na nang si David ay nagtapat ng kaniyang kasalanan, siya ay nanalangin: “Ibalik mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas: at alalayan ako ng kusang espiritu. Kung magkagayo’y ituturo ko sa mga mananalangin ang iyong mga lakad; at ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa iyo.” Kapag ang biyaya ng Diyos ang naghahari sa kalooban, ang kaluluwa ay nababalot ng kapaligiran ng pananampalataya at lakas ng loob, at pag-ibig na gaya ng kay Cristo—isang kapaligiran ng nagpapalakas ng espirituwal na buhay ng sinumang nakakalanghap nito. . . . Ang bawat isa na tumanggap ng nagpapatawad na pag-ibig ni Cristo, ang bawat isa na naliwanagan ng Espiritu ng Diyos at nahikayat sa katotohanan, ay makadarama na para sa napakahalagang mga pagpapala siya ay nagkakautang sa bawat kaluluwa na kanyang nakakasalamuha. Ang mga mapagpakumbaba sa puso ay gagamitin ng Panginoon upang maabot ang mga kaluluwang hindi kayang lapitan ng mga inordenahang ministro. Sila ay pakikilusin upang magpahayag ng mga salitang naghahayag ng nakapagliligtas na biyaya ni Cristo.

At sa pagpapala sa iba, sila rin sa kanilang sarili ay pagpapalain. Ang Diyos ay nagbibigay ng pagkakataon sa atin upang maipamahagi ang biyaya, upang Kaniyang puspusin tayong muli ng mas masaganang biyaya. Ang pag-asa at pananampalataya ay patitibayin habang ang lingkod ng Diyos ay gumagawa sa mga kakayahan at kagamitang ipinagkaloob ng Dios sa kaniya. Siya ay magkakaroon ng banal na kakayahan na makakatulong sa kaniya.

Pagpapanatili ng Patuloy na Pagdaloy

Ang kasalukuyan ay ang ating panahon ng pagtitiwala. Sa bawat tao ay ipinagkatiwala ang isang natatanging kaloob o ilang kakayahan upang gamitin sa pagsulong ng kaharian ng Manunubos. Ang lahat ng mapagkakatiwalaang kinatawan ng Diyos, mula sa pinakaaba hanggang sa pinaka hindi tanyag sa mga nasa matataas na katungkulan sa iglesia—ay ipinagkatiwalaan ng mga pag-aari ng Panginoon. Hindi lamang ang mga ministro ang maaaring gumawa para sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Yaong may mga kakaunti mang kaloob ay hindi makakaiwas sa paggamit sa pinakamabuting

kaloob na mayroon sila, at sa paggawa nito, ang kanilang kakayahan ay lalo pang lalago. Hindi ligtas na maging pabaya sa moral na responsibilidad ni hamakin ang panahon ng maliliit na mga bagay. Ang probidensya ng Diyos ay naaayon sa iba’t ibang kakayahan ng mga tao. Walang sinuman ang dapat magdalamhati dahil hindi niya maluwalhati ang Diyos sa mga kaloob na hindi naman niya tinataglay, at hindi rin siya mananagot para doon. Ang kakayahan sa pagtanggap ng banal na langis mula sa dalawang puno ng olibo ay lumalaki habang ang tumatanggap ay pinadadalaoy ang banal na langis na iyon sa salita at gawa upang matustusan ang pangangailangan ng ibang mga kaluluwa. Isang napakahalagang gawain, nagbibigay kasiyahang gawain—na patuloy na tatanggapin, at patuloy na ibabahagi.

Kinakailangan natin at dapat magkaroon ng bagong mga kaloob araw-araw. At gaano karaming mga kaluluwa ang maaari nating matulungan sa pagbabahagi sa kanila! Ang buong kalangitan ay naghihintay ng mga daluyan kung saan maaaring ibuhos ang banal na langis, na magiging kagalakan at pagpapala sa iba. Ako ay walang takot kung ang sinoman ay may magagawang pagkakamali kung sila ay makikiisa lamang kay Cristo. Kung Siya ay nananahan sa atin, tayo ay gagawa nang tuluy-tuloy at matatag, upang ang ating gawain ay manatili. Ang banal na kapuspusan ay dadaloy sa mga tao na itinalaga upang maipamahagi sa iba. 8 Bakit hindi tayo nananabik at nauuhaw sa Kaloob ng Espiritu, dahil ito ang paraan kung paano tayo tatanggap ng kapangyarihan? bakit hindi natin ito pinag-uusapan, manalangin para dito? at mangaral patungkol dito? . . .

Ang Espiritu ay nagbibigay ng kalakasan na tumutulong sa mga nagsusumikap at nakikipagbuno sa bawat kagipitan—kahit na sa malamig na pagtanggap ng kamag-anak, sa pagkapoot ng sanlibutan, at sa pagkaunawa ng kanilang sariling kahinaan at pagkkakamali. Kung kayo nga. . . . bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?” Ang Banal na Espiritu ang Kinatawan ng Kaniyang sarili ay ang pinakadakila na sa lahat ng kaloob. Lahat ng mabubuting bagay ay nabubuo na dito. Ang Maylalang Mismo ay wala nang maibibigay pa sa atin na mas dakila pa, wala nang hihigit pa. Kapag tayo ay tumatawag sa Panginoon upang kahabagan tayo sa panahon ng ating kagipitan, at gabayan tayo sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Espiritu, ay hindi Niya tayo tatalikuran.



2 Ang makalangit na Kalapati

by Davi Paes Silva

Ang presensya ng Kadiosan

Ang buong Kadiosan—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo—ay nauugnay sa dakilang plano ng ating kaligtasan. Ating nababasa na ang Kadiosan ay nahabag sa sangkatauhan, at ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay ibinigay ang Kanilang sarili upang maisakatuparan ang plano ng pagtubos.

“Nang magkagayo’y naparoon si Jesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa ilog ng Jordan, upang Siya’y bautismuhan niya. Datapuwa’t ibig Siyang sansalain ni Juan, na nagsasabi, Kinakailangan ko na ako’y Iyong bautismuhan, at Ikaw ang naparirito sa akin? Nguni’t pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Payagan mo ngayon: sapagka’t ganyan ang nararapat sa atin, ang pagganap ng buong katuwiran. Nang magkagayo’y pinayagan niya Siya.” (Mateo 3:13–15) Habang binabautismuhan si Jesus sa Ilog ng Jordan, ang mga anghel ng langit ay nakatingin ng may taimtim na pagpapahalaga sa kaganapan. Sa Kaniyang pagkakatawang-tao, Siya’y naging ating kinatawan.

“Ang Panginoon ay ipinangako na bibigyan si Juan [Bautista] ng isang tanda upang makilala niya kung sino ang Mesiyas. At nang umahon si Jesus mula sa tubig, ang ipinangakong tanda ay ibinigay: sapagkat nakita niyang ang mga langit ay nabuksan, at ang Espiritu ng Diyos na kagaya ng isang kalapating kumikinang ay lumipad sa ibabaw ng ulo ni Cristo, at may tinig na mula sa langit na nagsasabi, “Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.” (Mateo 3:17)

“Ang panalangin ni Cristo alang-alang sa sangkatauhan ang nagbukas ng mga pintuan ng langit, at ang Ama ay tumugon, tinanggap ang Kaniyang panalangin para sa nahulog na sangkatauhan. Si Jesus ay nanalangin bilang ating tagapanagot at katiyakan, at ngayon ang sangkatauhan ay maaaring lumapit sa Ama sa pamamagitan ng mga merito ng Kaniyang lubos na sinisintang Anak.”

Kaya tunay na, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay naroroon sa pag-bautismong iyon —na sumisimbolo sa bawat Cristianong pagbautismo, sa dahilang ito kung bakit ang mga mananampalataya



ay inuutusan: isang makapangyarihang simbolo ng bautismong Kristiyano: Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen” (Mateo 28: 19, 20)

Bakit isang Kalapati?

Ang simbolo sa anyo ng kalapati na lumipad sa itaas ni Jesus sa Kaniyang bautismo ay naglalarawan ng Kaniyang maamong katangian.⁴

Ano ang Kahulugan nito sa Atin sa Panahong ito sa kasaysayan—Hanggang sa katapusan ng sanlibutan? May kaaway ba sa ating landas?

Nakita mo na ba kung paanong ang isang lawin ay hinahabol ang isang maamong kalapati? Ayon sa likas na kakayan upang ang lawin ay makuha ang kayang biktima, kailangan niyang lumipad nang mas mataas kaysa sa kanyang biktima. Kaya't siya ay tumataas nang tumataas pa, patungo sa bughaw na kalangitan, samantalang ang lawin ay patuloy na sumusunod, na naghahanap ng pagkakataon. Subali't walang kabuluhan. Ang kalapati ay ligtas hangga't walang nakakapigil sa kaniyang paglipad paitaas, o hindi nagpapadala sa paghila pababa. Subalit kung siya ay minsang magdadalawang-isip at bababa ng paglipad, ang mapanlinlang na kaaway ay susunggab sa biktima. Muli at muli nating nasasaksihan ang kaganapang ito na halos makapigil-hiningang pagmalasakit, nang lahat ng ating simpatya sa kawawang kalapati. Nakakalungkot maramdaman na makita na maging biktima ng mabangis na lawin!

Tayo rin ay may pakikibaka sa harapan natin—isang habang-buhay na pakiki-laban kay Satanas at sa kaniyang mapang-akit na mga panunukso. Ang kaaway ay gagamitin ang bawat pangangatwiran at panlilinlang upang igapos ang kaluluwa. At upang makamtan ang putong ng buhay, kinakailangan ang masigasig at matiyagang pagsisikap. Hindi natin maaaring alisin ang baluti, ni iiwan ang laban hanggang makamit natin ang tagumpay at tayo ay maaaring magtagumpay sa pamamagitan ng ating Manunubos.

“Ang panalangin ni Cristo

alang-alang sa sangkatauhan ang nagbukas ng mga pintuan ng langit, at ang Ama ay tumugon, tinanggap ang Kaniyang panalangin para sa nahulog na sangkatauhan.

“Habang tayo ay nagpapatuloy na ang ating mga mata ay nakatuon sa Gumawa at Sumakdal ng ating pananampalataya, tayo ay magiging ligtas.” Ngunit ang ating puso ay dapat nakatuon sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa lupa. Sa pananampalataya, tayo ay dapat tumaas at sa lalo pang mataas na antas sa pagkamit ng mga biyayang kaloob ni Cristo. Sa araw-araw na pagmumuni-muni ng Kaniyang walang katulad na kadakilaan, tayo ay dapat lumago nang lalo at lalo pa sa Kaniyang maluwalhating wangis. Habang tayo sa gayon ay nabubuhay sa pakikipagkaisa sa langit, si Satanas ay inilalatag ang kaniyang lambat sa walang kabuluhan sa atin.

Ang Banal na Espiritu sa Katapusan

Ang Banal na Espiritu ang pangunahing kinatawan sa lupa upang ihandang ang bayan ng Diyos para sa pagtatapos ng Kaniyang gawain. Ito ang dahilan kung bakit kinakailangan natin na hilingin ang Kaniyang bautismo sa araw-araw. “Mula sa mga panahon na ginugol kasama ang Dios [si Cristo, ang anak ng tao] ay lumalabas tuwing umaga, upang dalhin ang liwanag sa langit patungo sa tao. Araw-araw Siya'y tumatanggap ng bagong bautismo ng Banal na Espiritu.” Kung si Jesus ay nangangailangan nitong kaginhawahan, gaano rin natin higit na kailangan ito sa ating makasalanang kalagayan! Sa katunayan, kinakailangan natin ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buong proseso ng ating kaligtasan at upang matupad ang ating tungkulin sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa buong sanlibutan. Si Cristo ay ginawang napakalinaw ang katotohanang ito sa Kaniyang mga alagad bago Siya umakyat sa langit. Kaniyang ipinangako sa Kaniyang mga alagad: “Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa” (Mga Gawa 1:8). “At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking

Pagninilay-nilay at Pagliliwanag

Bilang isang samahan ay nangangailangan ng pagkilos! Tayo ay maghanda upang tanggapin ang Banal na Espiritu na may praktikal na mga gawa:

Tayo ay sumuko ng lubusan sa paggabay ng Banal na Espiritu. Isuko ang isang bagay na partikular na nangyari Sa pagitan mo at ng Dios na hindi pa natatagalan.

“Ama patawarin Mo ang aking mga kasalanan. Tulungan mo ako na ibigay Ang lahat na naghihiwalay sa atin upang ako ay maging handa Para sa iyong Banal na Espiritu. Amen.”

Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas" (Lucas 24: 49).

Sino ang nagbabautismo sa atin ng Espiritu Santo? Nang tinanong ng mga iskriba at mga pariseo tungkol sa Kaniyang misyon, si Juan Bautista ay ipinahayag sa kanila ang tungkol kay Cristo: Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisipi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng Kaniyang pangyapak: Siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy: Nasa Kaniyang kamay ang Kaniyang kalaykay, at lilinisin Niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang Kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay" (Mateo 3:11, 12).

Si Jesus ang Isa na nagbabautismo sa Kaniyang mga anak ng Espiritu Santo.

Kailan natin kinakailangan ang bautismo ng makalangit na kalapati? Ito ay tunay na kinakailangan araw-araw. Tulad ng nabanggit, kinakailangan natin ang kaloob ng banal na kapangyarihan sa bawat araw—kapuwa para sa ating pagbabalik-loob at para sa ating pag-abot sa mga bagong kaluluwa para sa kaharian ng Dios.

Si propeta Zacarias ay sumulat: "Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan ng huling ulan, sa Panginoon na nagpapakidlat; at kaniyang bibigyan sila ng ulan, at ang bawa't isa'y ng damo sa parang" (Zacarias 10:1).

Kailan ang panahon ng huling ulan?

"Ang mensahe ng ikatlong anghel ay lumalakas tungo sa malakas na sigaw, at hindi tayo dapat makadama ng kalayaan upang magpabaya sa kasalukuyang tungkulin, at isaalang-alang ang palagay na sa darating na panahon tayo ay tatanggap ng dakilang pagpapala, na walang anumang pagsisikap sa ating bahagi ang isang nakakamanghang pagbabago ang mangyayari. Ngayon ay inyong ibigay ang inyong sarili sa Dios, upang gawin Niya kayong mga sisidlan tungo sa karangalan, handa sa paglilingkod sa Kaniya. Ngayon ay inyong ibigay ang inyong mga sarili sa Dios, upang mawalan ng laman ng sarili, mawala ang inggit, paninibugho, masamang akala, pagtatalo, lahat ng bagay na nakakalapastangan sa Dios. Ngayon ay dapat ninyong linisin ang inyong sisidlan upang mahanda para sa makalangit na hamog, handa na sa pagbuhos ng huling ulan; sapagkat ang huling ulan ay darating, at ang pagpapala ng Dios ay pupuno sa bawat kaluluwa na nalinisan mula sa bawat karumihan. Ito ay ating gawain ngayon na ipasakop ang ating mga kaluluwa kay Cristo, upang tayo ay maging angkop sa panahon ng kaginhawahan mula sa presensya ng Panginoon—angkop para sa bautismo ng Banal na Espiritu."7

Ano ang mga kondisyon para sa pagtanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu?

Ang propetang si Hosea ay nagpahayag ng mahalagang mga kondisyon para sa atin upang matanggap ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa panahon ng huling ulan:

"Ako'y yayaon at babalik sa aking dako, hanggang sa kanilang kilalanin ang pagkakasala, at hanapin ang aking mukha: sa kanilang pagdadalamhati ay hahanapin nila akong mainam. Magsiparito kayo, at tayo'y manumbalik sa Panginoon; sapagka't siya'y lumapa, at pagagalangin niya tayo; siya'y nanakit, at kaniyang tatapalan tayo. Pagkatapos ng dalawang

araw ay muling bubuhayin niya tayo: sa ikatlong araw ay ibabangon niya tayo, at tayo'y mangabubuhay sa harap niya. At ating kilalanin, tayo'y magpatuloy upang makilala ang Panginoon: ang kaniyang paglabas ay tunay na parang umaga; at siya'y paririto sa atin na parang ulan, na parang huling ulan na dumidilig ng lupa" (Hosea 5:15; 6:1-3)

Sa kasulatang ito, ay ating matatagpuan ang sumusunod na mga kondisyon na dapat maisagawa upang matanggap ang huling ulan:

Kilalanin ang ating tunay na pagkakasala. Hanapin ang Panginoon nang buong puso, nang may pagpapakumbaba at pagsisipi. Manumbalik sa Panginoon upang tayo ay Kaniyang mapasigla muli. Kilalanin at sumunod upang makilala ang Panginoon. "Ang kilalanin ang Dios ay ang ibigin Siya."8

At Siya'y paririto sa atin na parang ulan, na parang huling ulan at maagang ulan na dumidilig sa lupa.

Lubusang pagsuko

Si Cristo ay ipinangako ang kaloob na Banal na Espiritu sa Kaniyang Iglesia, at ang pangako ay para sa atin gaya ng sa unang mga alagad. Subali't tulad ng ibang pangako ito ay ibinigay na may mga kondisyon. Marami ang nanampalataya at nagpapahayag ng pag-aangkin sa pangako ng Panginoon; sila ay nagtatalakay ng tungkol kay Cristo at ng tungkol sa Banal na Espiritu, subali't walang natatanggap na pakinabang. Hindi nila isinusuko ang kaluluwa upang gabayan at pangunahan ng banal na ahensya. Hindi natin maaaring gamitin ang Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ang gagamit sa atin. Sa pamamagitan ng Espiritu ang Dios ay gumagawa sa Kaniyang bayan "sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban" (Filipos 2:13). Subali't marami ang hindi nagpapasakop dito. Nais nilang pamahalaan ang kanilang sarili. Ito ang dahilan kung bakit hindi nila natatanggap ang makalangit na kaloob. Tanging sa mga mapagpakumbabang naghihintay sa Dios, na nagbabantay para sa Kaniyang paggabay at biyaya ang Espiritu ay ibibigay. Ang kapangyarihan ng Dios ay naghihintay ng kanilang paghiling at pagtanggap. Itong ipinangakong pagpapala, na inaangkin ng may pananampalataya, ay magdadala ng lahat ng iba pang sunod-sunod na mga pagpapala. Ito ay ibibigay ayon sa mga kayamanan ng biyaya ni Cristo, at Siya ay handang tustusan ang bawat kaluluwa ayon sa kakayanang tumanggap."9

Marami ang sa malaking sukat ay nabigong tumanggap ng unang ulan. Hindi nila natamo ang lahat na kapakinabangan na sa gayon inilalaan ng Dios sa kanila. Sila ay umaasa na ang kakulangan ay ibibigay ng huling ulan. Kapag ang pinakadakilang kasaganaan ng biyaya ay ipagkakaloob, susubukan nilang buksan ang kanilang mga puso upang tanggapin ito. Sila ay gumagawa ng matinding pagkakamali. Ang gawain na inumpisahan ng Dios sa puso ng tao sa pagbibigay ng Kaniyang liwanag at kaalaman ay dapat na patuloy na sumusulong. Bawat isa ay dapat maunawaan ang sarili niyang pangangailangan. Ang puso ay dapat mawalan ng laman ng bawat karumihan at linisin para sa pananahan ng Espiritu. Sa pamamagitan ng pagtatapat at pagtalikod sa kasalanan, sa pamamagitan ng taimtim na pananalangin at pagtatalaga ng kanilang sarili sa Dios, ang unang mga alagad ay nahanda para sa pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Araw ng Pentecostes. Ang parehong gawain, sa mas mataas na antas lamang, ay dapat magawa ngayon. Sa gayon

Tanging sa mga mapagpakumbabang naghihintay sa Dios, na nagbabantay para sa Kaniyang paggabay at biyaya ang Espiritu ay ibibigay. *Ang kapangyarihan ng Dios ay naghihintay ng kanilang paghiling at pagtanggap.*

ang tao ay makakahiling lamang para sa pagpapala, at makapaghihintay sa Panginoon na pasakdalín ang gawain patungkol sa kaniya. Ang Dios ang naguumpisa ng gawain, at Siya ang magtatapos ng Kaniyang gawain, na ginagawang ang tao ay ganap kay Jesu-Cristo. Subalit dapat ay walang pagpapabaya sa biyayang kinkatawanan ng unang ulan. Tanging ang mga namumuhay lamang sa liwanag na kanilang natanggap maaari silang makatanggap ng lalong dakilang liwanag. Malibang tayo ay araw-araw na sumusulong sa pagpapakita ng praktikal na Cristianong mga katangian, hindi natin makikilala ang paghahayag ng Banal na Espiritu sa huling ulan. Maaaring ito ay ibinubuhos na sa mga puso ng lahat na naka-paligid sa atin, subali't hindi natin makikilala o matatanggap ito.

Sa alinmang yugto ng ating karanasan, hindi natin maaaring isantabi ang tulong na nagpahintulot sa atin ng gumawa ng unang hakbang. Ang mga biyayang natanggap sa ilalim ng unang ulan ay kinakailangan natin hanggang sa katapusan. Subali't kung ito lamang ay hindi makakasapat. Habang tinataglay natin ang mga biyaya ng unang ulan, tayo ay hindi dapat, sa kabilang panig, mawala sa isipan ang katotohan na kung wala ng huling ulan upang punan ang mga uhay at pahinugin ang mga butil, ang pag-aani ay hindi mahahnda para sa paggapas, at ang pagpapagal ng manghahasik ay magiging walang kabuluhan. Ang banal na biyaya ay kinakailangan sa pagsisimula, banal na biyaya sa bawat pasulong na paghakbang, at banal na biyaya lamang ang magtatapos ng gawain. Hindi tayo maaring magpahinga sa walang pag-iingat na gawi. Hindi natin dapat kalimuatan ang mga babala ni Cristo, 'Mangagpuyat sa panalangin' 'Magpuyat, ...at laging manalangin.' Ang pakikipagunayan sa banal na kinatawan sa bawat sandali ay kinakailangan sa ating paglago. Maaaring tayo ay may ilang sukat na ng Espiritu ng Dios, subali't sa pamamagitan ng pananalangin at pananampalataya tayo ay patuloy na humingi pa ng karagdagang Espiritu. Hindi

kailanman natin gagawing itigil ang ating mga pagsisikap. Kung hindi tayo lumalago, kung hindi natin nailalagay ang ating sarili sa isang pagkilos upang matanggap kapwa ang unang ulan at huling ulan, ang ating kaluluwa ay mapapahamak, at ang pananagutan ay nasa ating sariling pintuan." 10

Ngayon, tayo bilang pangbuong-mundong iglesia ay nalalapit ng maabot ang ika-100 taon ng pag-iral simula ng opisyal na naitatag, panahon na upang gawin nang may katapatan ang mga tungkuling nasa harapan natin. Panahon na upang ating tiyakin ang pagkahirang, pagkatawag at panatilihin ang napakahalagang pakikipag-unayan sa Panginoon, upang, "ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa, ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesucristo" (Filipos 1:6). Panahon na upang magpaalam sa napakasamang sanlibutan at maging handa para sa nalalapit ng pagdating ni Jesus upang makaparoon sa ating makalangit na tahanan. Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang Kaniyang Bayan sa buong sanglibutan ng huling ulan!

Mga Reperesya:

- 1 *Counsels on Health*, p. 222.
- 2 *Sons and Daughters of God*, p. 133.
- 3 *My Life Today*, p. 260.
- 4 *Selected Messages*, bk. 2, p. 238.
- 5 *My Life Today*, p. 105.
- 6 *Christ's Object Lessons*, p. 139.
- 7 *Selected Messages*, bk. 1, pp. 190, 191.
- 8 *The Desire of Ages*, p. 22.
- 9 *Ibid.*, p. 672. [Emphasis added.]
- 10 *Testimonies to Ministers*, pp. 507, 508.

3 Walang Lamang mga Sisidlan

Linggo, Hulyo 13, 2025

by Peter D. Lausevic

Ang pinakadakilang Mangangaral at Tagapagturo na nasaksihan ng sanglibutan ay nakakumpleto lamang ng tatlo at kalahating taon ng Banal na ministeryo sa pagtuturo, pangangaral at pagpapagaling. Sa talinhaga ng Manghahasik at ng binhi at ng Trigo at Panirang Damo, si Jesus ay inilarawan bilang ang Manghahasik sa talinhaga, at hindi upang magdala ng ani: Pakinggan ninyo: Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik: Sa kadahilanang ito, “Bilang Manunubos ng sanglibutan, si Cristo ay patuloy na nakakaharap ng tila kabiguan.”² Bagaman napakaraming tao ang dumarating upang makinig sa Kaniya, sa maikling panahong iyon, napaka-konti ang hayagang tumanggap ng mensahe ng kaligtasan. Ang ilan, katulad ni Nicodemus, ay kinilala ang Mesiyas nang ang tanyag na mga tao ay dinadala na Siya sa krus. Ang iba naman ay naghihintay pa ng kung anong hihigit pa.

Naghihintay

Naiisip nyo ba na sa panahon ng pangangailangang humayo at magturo sa ibang mga bansa at pabilisin ang pagdating ni Cristo, ay nagsabi si Jesus sa Kaniyang mga alagad na maghintay? “At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa’t magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas” (Lucas 24: 49). Kinakailangan din nating maunawaan na sa panahon ng ating pangangailangan ay kinakailangang ang paghihintay. “Kinakailangan nating manalangin nang taimtim para sa pagbaba ng Banal na Espiritu gaya ng pananalangin ng mga alagad sa panahon ng Pentecostes. Kung kinakailangan nila iyon sa panahong iyon, mas lalo nating kinakailangan ngayon. Ang moral na kadiliman, katulad ng pantakip sa kabaong, ay bumabalot sa kalupaan. Ang lahat ng uri ng huwad na doktrina, haka-haka, at napakasamang panlilinlang ay inililigaw ang mga kaisipan ng mga tao. Kung wala ang Espiritu at kapangyarihan ng Dios magiging walang kabuluhan na tayo ay nagpapagal upang ipahayag ang katotohanan.”³

Subali’t bakit kailangang maghintay? Mayroong pagkaka-ugnay sa pagitan ng pagbabalik ni Jesus at ng pangangaral ng ebanghelyo sa buong sanglibutan. “At ipangangaral ang evangeliong ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo’y darating ang wakas” (Mateo 24:14). Kung gayon, bakit kinakailangang maghintay? Ano ang layunin ng Banal na Espiritu? Tayo ay magtutuo lamang sa ilang magkakaugnay na mga punto habang sa natitirang bahagi ng espesyal na edisyon ay tatalakayin ang iba pa sa kanila.

1. Ano ang nagdudulot ng pananalig sa isang kaluluwa? “At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol” (Juan 16:8, NKJV). Kung wala ang pagkilos ng

Banal na Espiritu upang mabuksan ang isipan o kumbinsihin ang isang tao na sila ay makasalanan na nangangailangan ng isang Tagapagligtas, maaari nating ipangaral ang lahat na nais natin at walang mangyayari.

2. Kinakailangan natin ang Banal na Espiritu dahil Siya ay magbibigay sa atin ng mga natatanging kaloob mula sa Diyos. “Datapuwa’t sa bawa’t isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. Sapagka’t sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba’y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: . . . Datapuwa’t ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, na binabahagi sa bawa’t isa ayon sa kaniyang ibig.” (1 Corinto 12:7, 8a, 11). Tayo ay nangangailangan ng lahat ng mga kaloob na ito sa iglesia upang maisakatuparan ang gawain ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa balanseng pamamaraan.

3. Totoo rin na kinakailangan nilang maghintay upang “mapagkalooban ng kapangyarihan mula sa kaitaasan.” Ang Banal na Espiritu ay magbibigay sa kanila ng Banal na kapangyarihan sa pamamagitan ng kanilang pakikibahagi sa likas ni Kristo. “Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukan nasa sanglibutan dahil sa masamang pita” (2 Pedro 1:4). At ano ang mangyayari kapag tayo ay nakikibahagi sa banal na likas? Ano ang pribilehiyo nating masasaksihan habang namamangha tayo sa biyaya ng Diyos? “Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan kay Kristo sila ay nagiging-ganap sa Kanya, at sa kanilang kahinaan bilang tao ay maaari nilang gawin ang mga gawa ng Makapangyarihan sa lahat.”⁴

Ano ang mga gawang ito ng Makapangyarihan sa lahat sa kontekstong ito? Ang mga ito ay malinaw na hindi mga gawa ng tao—kaya’t ang mga tao ay hindi maaaring kumuha ng anumang kapurihan, dahil ang mga pagkilos na ito ay hindi aktwal na nagmumula sa kanila.

“Lahat ng nagtatalaga ng kaluluwa, katawan, at espiritu sa Diyos ay patuloy na tatanggap ng bagong kaloob ng pisikal at mental na kapangyarihan. Ang hindi mauubos na mga panustos ng langit ay nasa kanilang kapangyarihan. Si Kristo ay bibigyan sila ng hininga ng Kanyang sariling espiritu, ang buhay ng Kanyang sariling buhay. Ang Banal na Espiritu ay naglalaan ng pinakamataas nitong kalakasan upang gumawa sa puso at isipan. Ang biyaya ng Diyos ay pinalalaki at pinararami ang kanilang likas na kakayahan, at bawat kasakdalan ng banal na likas ay dumarating sa kanilang pagtulong sa gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa.”⁵ Ang mga gawa ng Makapangyarihan sa Lahat ay hindi para sa personal na pagpapalakas. Ang mga ito ay para sa kaligtasan ng mga kaluluwa.

Ang siyensya ng isang mananampalataya

Ang mga alagad ay kinailangang magsama-sama at nagkakaisang isuko ang kanilang buhay nang lubusan sa Diyos at sa isa’t isa, dahil kinakailangan nilang mawalan ng laman ang kanilang sarili at magpahayagan sa isa’t isa.

At anong pagkilos ng kaluluwa ang gumagawa sa isang tao na maging isang mananampalataya? “Sapagka’t kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka” (Roma 10:9). Alam natin na ang pagkilos ng pagpapasakop ay magdudulot ng pagkahikayat. Sa kadahilanang ito ang diablo ay hindi tatakas hangga’t hindi natin isinusuko ang ating kalooban sa kalooban ng ating Myalalang at Manunubos. “Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa’t magsisalangang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo” (Santiago 4:7). Ang nakapagliligtas na pagsuko na ito ay nagmumula sa tunay na pananampalataya na si Jesus ang Mesiyas na dapat nating ipahayag.

Ngayon si Jesus ay nangaral sa loob ng tatlo at kalahating taon at nakita nila na Siya ang Mesiyas. Bakit napakaraming naghintay hanggang sa araw ng Pentecostes? Bakit walang napakaraming pagkahikayat sa ilalim ng ministeryo ni Kristo? Silang lahat ay nagkaroon ng parehong pagkakataon gaya ng mga alagad, at madaling makapagpapatotoo: “Yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa salita ng buhay” (1 Juan 1:1). Subali’t hindi nila ginawa. Bakit naghintay sa mga alagad na magbautismo ng 3,000 sa isang pagkakataon at 5,000 sa isa pa? (Tingnan sa Mga Gawa 2:41; 4:4.)

Bakit noon lang nakita ang mga resulta? “Ang mga alagad ay magsisimula ng kanilang gawain kung saan Siya naghasik ng mga binhi ng katotohanan. Maraming tao ang nakarinig ng Kaniyang mga salita, at naniwala sa kanila, ngunit wala silang lakas ng loob na kilalanin Siya bilang kanilang Tagapagligtas, baka sila ay itakwil sa sinagoga. Nang ibuhos ang Espiritu Santo, ang binhi na inihasik ni Kristo ay namulaklak at nahinog ang bunga. Ang lakas ng kalooban at pag-asa ang nagpasigla sa mga alagad, at sila ay handa ng pumunta sa pinakadulong bahagi ng kalupaan upang ipahayag ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas.”⁶

Si Jesus ay Diyos/tao, gaya ng ipinapakahulugan ng Kanyang pangalan: “Narito, ang dalaga’y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios” (Mateo 1:23). Ang pagka-Diyos ay kinakailangang maugnay sa sangkatauhan kaya’t “nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan” (Juan 1:14). Kinakailangan Niyang maging tao at makapagtagumpay bilang isang tao. “Sapagka’t tunay na hindi niya kinuha ang likas ng mga anghel, kundi kinuha Niya ang binhi ni Abraham. Kaya’t nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang dakilang saserdoteng maawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumawa ng pakikipagkasundo patungkol sa mga kasalanan ng bayan” (Hebreo 2:16, 17).

Sa Banal-na taong likas na iyon Siya ay walang dungis: “Na inyong nalalamang kayo’y tinubos hindi ng mga bagay na nangasisira, ng pilak o ginto, . . . Kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis, sa makatuwid baga’y ang dugo ni Cristo” (1 Pedro 1:18, 19). Nangangahulugan ito na Siya ay walang kasalanan at binigyan tayo ng gayong halimbawa na dapat sundin. “sapagka’t si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo’y iniwanan ng halimbawa, upang kayo’y mangagsisunod sa mga hakbang niya: Na siya’y hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig” (1 Pedro 2:21, 22). Ito ay nagbibigay sa Kanya ng karapatang maging ating Tagapamagitan at katuwang. “Sapagka’t tayo’y walang isang dakilang saserdote na hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan, kundi isa na

tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin gayon ma'y walang kasalanan" (Hebreo 4:15).

Ang mga tao ay makikita ang lahat ng ito kay Kristo. Ipinakita niya ang daan tungo sa tagumpay laban sa kasalanan. Bakit sila kung gayon naghintay? Anong iba pa ang nais nilang makita? Ang mga tao ay likas na naghahanap ng bagay na may siyentipikong dahilan—at ang kaligtasan ay walang pinagkaiba. "Ang Bibliya ay ang dakilang aklat ng aralin ng Diyos, ang Kanyang dakilang tagapagturo. Ang pundasyon ng lahat ng tunay na siyensya ay nakapaloob sa Bibliya. Ang bawat sangay ng kaalaman ay maaaring matagpuan ng pagsasaliksik sa salita ng Diyos. At higit sa lahat ito naglalaman ng siyensya ng lahat ng mga siyensya, ang siyensya ng kaligtasan. Ang Bibliya ay minahan ng natatagong mga kayamanan ni Kristo."⁷ Ngunit ano ang tunay na kahulugan ng siyensya? Si apostol Pablo ay nagbabala laban sa "maling tawag na kaalaman" (1 Timothy 6:20)—iyon ay, kaalamang nag-aangkin na siyentipiko ngunit walang tunay na pundasyon. Ang tunay na siyensya ay batay sa pagsusuri, pagpapatunay, at muling magagawa. Ang mga siyentipiko ay isinulat ang kanilang mga pamamaraan, itinala ang bawat hakbang, at pagkatapos sinubukan kung ang proseso ay maaaring ulitin na pareho ang kalalabasan. Ang isang resulta ay nagiging tunay na siyentipiko kapag ang ibang tao ay maaaring sundin ang parehong mga hakbang sa ilalim ng parehong mga kalagayan at aabot sa parehong resulta. Sa ganitong pamamaraan, ang kaligtasan ay gayon din na dapat higit pa sa teorya—ito ay dapat na maipakita at maaaring gayahin sa mga buhay ng bayan ng Diyos.

Tularan si Hesus

Si Jesus ay ipinakita kung paano mamuhay ng banal na pamumuhay. Ngayon iyon ay dapat tularan ng ibang tao na sumusunod ng tama sa parehong pamamaraan. Iyon ang dahilan kung bakit ang sanlibutan ay maniniwala. Ang teorya ay maaaring mahusay; maaari nating pag-usapan ito at suriin ang lahat ng gusto natin. Subali't para tularan ito—iyon ay siyentipiko. At ano ang pina-tutularan? Si Kristo ay ipinakita sa atin ang iba't ibang nasyonalidad, iba't ibang kultura, iba't ibang personalidad, iba't ibang mga kaisipan na nagiging isa. "Ang sanlibutan ay nangangailangan ngayon kung ano ang kinakailangan nito" 2,000 "taon na ang nakalipas—ang kapahayagan ni Kristo."⁸

Iyon ay imposible sa pananaw ng tao. Kung ano ang natural sa pananaw ng tao ay: "ang isang bansa laban sa bansa, at ang isang kaharian laban sa kaharian" (Lucas 21:10) Ito ay hindi lamang sa digmaan. Tingnan lamang kung ano ang mangyayari kapag may paligsahan sa larong soccer o iba pang internasyonal na kompetisyon. Ang maging isang Kristiyanong ibig sabihin ay gawin ng ganap kung ano ang ginawa ni Abraham. "Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo" (Genesis 12:1). Iyon ay magiging mahimala—isang bagay na ganap na naiiba sa likas ng sangkatauhan—at iyon ang tunay na pananampalataya. Ang pagpapakitang iyon ay kung saan ang kapangyarihan ng Kristiyanismo nakasalalay. "Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo" (Juan 17:21) Ito ang gumagawa ng isang mananampalataya.

"Ang pagkakaisa at pagsasama na umiiral sa pagitan ng mga taong may ibat-ibang mga disposisyon ay ang pinakamatibay na patotoo na maaaring dalhin na ang Diyos ay ipinadala ang Kanyang Anak sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan. Ito ay pribilehiyo nating magbigay ng patotoong ito. Subali't, upang magawa ito, dapat nating ilagay ang ating mga sarili sa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo. Ang ating mga pag-uugali ay dapat na hubugin na naaayon sa Kanyang

katangian, ang ating mga kalooban ay dapat ipasakop sa Kanyang kalooban. Sa gayon ay maaari tayong gumawa ng magkakasama nang walang iniisip na salungatan."⁹

Kahandaan: Pasanin ang iyong krus

Kung tatanggapin natin ang kapuspusan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu nang hindi nauunawaan ang katunayan nito at pagsasabuhay nito, ang kapangyarihan ay magagamit sa maling hangarin at layunin. Ito ang dahilan bakit ang Maagang Ulan ay dumating sa mga alagad noong sila ay handa na. "At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatiapon sa isang dako" (Gawa 2:1).

Nangangahulugan ba na tayong lahat ay magkakapareho ang kaisipan sa bawat paksa? "Maraming mga bagay na may kaugnayan sa mga panlabas na anyo ay hindi lahat ipinapaliwanag sa Kasulatan, kundi naiwang hindi naisaayos; at may mga personal na kagustuhang madalas na hinihimok nang labis sa mga bagay na ito. Habang ang bawat bagay ay hindi naaayon sa gawi ng iba sa samahan ng mga mananampalataya, huwag hayaang ang mga maliliit na pagkakaiba-iba ay lumaki tungo sa mga karaingan at nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak. Ang mga pamamaraan at hakbangin kung saan naabot natin ang isang tiyak na mga layunin ay hindi palaging eksaktong pareho. Tayo ay kinakailangang gumamit ng kaisipan at pagpapasya kung paano kung paano tayo kikilos. Ang karanasan ang magpapakita kung ano ang pinaka-angkop na pamamaraan upang magpatuloy sa ilalim ng umiiral na mga kaganapan. Huwag hayaang ang pagtatalo ay bumangon sa mga bagay na walang kabuluhan. Ang espiritu ng pag-ibig at ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Cristo ang magbubuklod ng puso sa puso, kung ang bawat isa ay magbubukas ng mga bintana ng puso patungo sa langit at isasara sila patungo sa lupa."¹⁰

Ang ugat ng pagkakaisa ay nakasalalay sa mismong pagkilos ng pagsuko—lubos na inaalisan ng laman ang ating mga sisidlan. Ang pagpapakop sa krus ay ang pinaka hindi makataong paraan ng pagpatay sa isang tao—palaging sa pamamagitan ng puwersa. Sa sandaling nailagay na sa krus, wala ng paraan ng pagtakas. Ang iyong sariling kalooban ay nawawala na, ang iyong reputasyon ay nawawala na. Ang respeto sa sarili ay wala na. Ito ang pinakamatinding bagay na maaaring mangyari sa sinuman. At gayon pa man ay sinabi ni Jesus: "Sinomang hindi nagdadala ng kaniyang sariling krus, at sumusunod sa akin, ay hindi maaaring maging alagad ko" (Lucas 14:27). Oo, ang pinakakakila-kilabot, hindi makataong paraang iyon ng pagpapatupad ay dapat nating yakapin dahil ito ay ang mismong daan tungo sa kaligtasan. Ito ay sulit ang lahat. Kung ano ang kamatayan sa sanlibutan ay buhay at kapangyarihan sa mananampalataya.

"Sapagka't ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; nguni't ito'y kapangyarihan ng Dios sa atin na nangaliligtas" (1Corinto 1:18).

"Datapuwa't malayo nawa sa akin ang pagmamapuri, maliban na sa krus ng ating Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan niyao'y ang sanglibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanglibutan" (Galacia 6:14).



“Lahat ng nagtatalaga ng kaluluwa, katawan, at espiritu sa Diyos ay patuloy na tatanggap ng bagong kaloob ng pisikal at mental na kapangyarihan.

“Para kay Pablo ang krus ay ang isang bagay ng pinakamataas na kabutihan. Mula nang siya ay mahinto sa kanyang gawain ng pag-uusig laban sa mga tagasunod ng ipinako na Nazareno ay hindi siya tumigil sa pagluwalhati sa krus. Noong panahong iyon ay binigyan siya ng isang kapahayagan ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos, gaya ng inihayag sa kamatayan ni Kristo; at isang nakakamanghang pagbabago ang naganap sa kaniyang buhay, dinadala ang lahat ng kanyang plano at layunin na naaayon sa langit. Mula sa oras na iyon siya ay naging bagong tao kay Cristo. Alam niya sa pamamagitan ng personal na karanasan na kapag ang isang makasalanan ay minsang namasdan ang pag-ibig ng Ama, tulad ng nakikita sa sakripisyo ng Kanyang Anak, at sumuko sa banal na impluwensya, ang pagbabago ng puso ay nagaganap, at mula ngayon si Cristo ang lahat at nasa lahat.”¹¹ At ano ang mangyayari kapag niyayakap natin ang mismong krus na iyon? “Sa pagbuhat natin sa krus na ito ay matutuklasan natin na ito rin ang nag-aangat sa atin.”¹²

Ang pamatok

Ano ang krus na ito? Bakit ito ang pangunahing tampok ng tunay na relihiyon? Sinabi ni Jesus: “At sinabi Niya sa lahat, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa Akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin. Sapagka’t ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito; datapuwa’t sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa Akin, ay maililigtas nito yaon” (Lucas 9:23, 24). Ang pagpasan ng krus at pagtanggap sa sarili ay iisa at magkapareho. Maraming mga tao na tinatanggi ang kanilang sarili ay hindi mas mabuti kaysa sa dati. Iyon ay dahil hindi tayo nagsasalita dito ng anumang uri lamang ng pagpasan ng krus. Dapat nating pasanin ang krus ni Hesus at gawin itong atin. Sa madaling salita, dapat tayong makiisa kay Kristo sa pagpapasan ng krus na ito. “Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa Akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pansin” (Mateo 11:28–30). Matatagpuan lamang natin ang kapahingahang iyon para sa kaluluwa kapag tayo ay nangapasakop kay Cristo at “ang pamatok na iyon ay nangangahulugan ng buong pagpapasakop.”¹³

Ano ang natural na nangyayari kapag kusang-loob tayong sumuko sa krus na iyon? “Sinabi niya na ang kanyang pamatok ay madali, at ako ay naniniwala dito. Sinabi niya na ang pasanin ay magaan, at ako ay naniniwala rin doon. Kapag tayo ay nakasuot ng pamatok ni Kristo, ang lahat ng inyong pagrereklamo at hindi pagkakaunawaan ay matitigil.”¹⁴ Nangangahulugan ito na ang mga kondisyon para sa Huling Ulan ay ganap na natutugunan dahil tayo ay ganap na naaalis ng laman sa sarili at napupuno ni Kristo. “Ako’y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito’y sa Anak ng Dios, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa akin” (Galacia 2:20).

Ang huling ulan

Kinakailangan natin ng kapangyarihan upang tapusin ang gawaing ibinigay sa bawat isa sa atin at bilang isang iglesia. “Ang pasanin ang Kanyang pamatok ay isa sa mga unang kondisyon ng pagtanggap ng Kanyang kapangyarihan.”¹⁵ Pagkatapos ng pagkapako sa krus, ang mga alagad ay nagsama-sama nang sampung araw sa silid sa itaas at pagkatapos ay napuspos sila ng kapangyarihan. Bakit? Nagawa nilang tularan ang pagkakaisa ni Jesus at ng Ama sa sangkatauhan sa isang pangkat ng mga tao na bawat isa ay nakikipagpaligsahan para sa pinakamataas na kapamahalaan. Paano? “Ang puso ay dapat mawalan ng laman ng bawat karumihan at linisin para sa pananahan ng Espiritu. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag

at pagtalikod sa kasalanan, sa pamamagitan ng taimtim na pananalangin at pagtatalaga ng kanilang sarili sa Diyos, na ang unang mga alagad ay nahanda para sa pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa Araw ng Pentecostes. Ang parehong gawain, sa mas malaking antas lamang, ang dapat gawin ngayon.”¹⁶

Bakit tayo bilang isang iglesia ay narito pa rin pagkatapos ng 100 taon? Maraming indibidwal ang matapat sa kung ano ang panawagan ng Diyos na kanilang gawin at ngayon ay nagpapahinga na sa kanilang libingan na naghihintay para sa espesyal na pagkabuhay na mag-uli upang marinig nila ang walang hanggang tipan at sa katapusan ay makikita ang Tagapagligtas na dumarating sa mga alapaap ng langit.

Tayo ay nandito pa dahil isa pang gawain ang dapat magawa—hindi lamang ng bawat isa, kundi bilang isang iglesia. Ang mga alagad ay nagtipon nang sama-sama at nagkakaisang isinuko ang kanilang buhay nang lubusan sa Diyos at sa isa’t isa, gaya ng kinakailangan nilang maalasin ng laman ang kanilang sarili at magtapat sa isa’t isa. Paano ito magiging posible?

“Ang mga alagad ay nanalangin nang may buong katapatan para sa pagiging karapat-dapat na humarap sa mga tao at sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan na makapagpahayag ng mga salita na aakay sa mga makasalanan tungo kay Kristo. Tinalikuran ang lahat ng hindi pagkakaunawaan, ang lahat ng pagnanais para sa pangigingabaw, sila ay naging malapit sa isa’t-isa dahil sa kanilang Kristiyanong pagtitipon. Sila ay palapit nang palapit sa Diyos, at habang ginagawa nila ito ay naunawaan nila kung gaano kalaki ang pribilehiyong nasa kanila na mapahintulutang makipag-ugnayan nang napakalapit kay Kristo . . .

“Ang mga araw na ito ng paghahanda ay mga araw ng malalim na pagsasaliksik sa puso. Ang mga alagad ay nadama ang kanilang espirituwal na pangangailangan at nagsumamo sa Panginoon para sa banal na pangpahid upang iangkop sila para sa gawain ng paghiligtas ng kaluluwa. Sila ay hindi humingi ng pagpapala para sa kanilang sarili lamang. Sila ay nabibiigatan sa pasanin ng kaligtasan ng mga kaluluwa.”¹⁷

Naalisan mo na ba ang laman ng iyong sisidlan sa isang antas na handa mo ng talikuran ang lahat ng bagay para sa paglilingkod sa Panginoon? Sa pagpapatuloy natin sa espesyal na linggong ito ng panalangin bilang pagunita sa ika-100 taon ng ating pag-iral bilang isang Samahan, nawa’y pasiglahin ng Panginoon ang ating mga puso na maranasan ang krus nang personal upang tayo ay magkaisa nang sama-sama, magkaroon ng kinakailangang kapangyarihan upang tapusin ang gawain at sa katapusan ay makauwi upang makapiling ang ating Tagapagligtas.

Mga Reperensya:

- 1 “So Christ, the heavenly Sower, went forth to sow.” *Christ’s Object Lessons*, p. 36.
- 2 *The Desire of Ages*, p. 678.
- 3 *Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 158.
- 4 *The Desire of Ages*, p. 827.
- 5 *Ibid.* [Emphasis added.]
- 6 *The Signs of the Times*, October 14, 1889. [Emphasis added.]
- 7 *Christ’s Object Lessons*, p. 107. [Emphasis added.]
- 8 *The Ministry of Healing*, p. 143.
- 9 *Testimonies for the Church*, vol. 8, p. 242. [Emphasis added.]
- 10 *The Ellen G. White 1888 Materials*, p. 1698.
- 11 *The Acts of the Apostles*, p. 245.
- 12 *Testimonies for the Church*, vol. 8, p. 45.
- 13 *In Heavenly Places*, p. 236.
- 14 *The Ellen G. White 1888 Materials*, p. 905.
- 15 *The Desire of Ages*, p. 825.
- 16 *Testimonies to Ministers*, p. 507.
- 17 *The Acts of the Apostles*, p. 37.



4 Paghahanda Patungkol sa Pagkain

Miyerkules, Hulyo 16, 2025

by Rolly C. Dumaguit

Sa panahon ngayon, sa buong mundo ay dumarami ang naaakit sa vegetarian na paraan ng pagkain. Ayon sa mga kamakailang istatistika, mayroong higit sa 640 milyong vegetarian sa buong mundo. Dahil sa lumalagong pagkahilig, sa U.S.A. lamang, halos kalahati ng lahat ng restawran ngayon ay nag-aalok ng mga pagkaing (plant-based) nagmumula sa halaman na pagpipilian ng kanilang mga suki.

Ang mga tao ay naaakit sa vegetarianism sa iba't ibang mga kadahilanan, ang ilan ay kinabibilangan ng relihiyon, etikal na pagganyak, kalusugan, pangangalaga sa kapaligiran, mga pang-ekonomiyang kadahilanan, hindi pagkagusto sa karne, at kultura.

Bilang isang bayang naghihintay sa pagdating ni Kristo, matagal na nating isinusulong ang pagkain na nagmumula sa halaman (plant-based) bilang bahagi ng ating paghahanda para sa pinakahihintay na kaganapang ito. Ang pagpipiliang ito sa pagkain ay buong pagmamahal na ibinigay ng Diyos sa Kanyang bayan na nabubuhay sa isang masamang mundo. Plano ng Panginoon na sa pamamagitan ng pagtanggap nito, mas makakaya nating maging malusog at mapanagumpayan ang mga depekto ng ating pag-uugali. Ito ay nangangailangan ng maraming pagpipigil at pagtitiyaga sa ating bahagi. Bakit ang pagpipigil ay kinakailangan? Gaano kapanganib kung tayo ay walang ingat sa ating panlasa at nabubuhay ng walang pagpipigil na pamumuhay?

“Dahil sa kawalan ng pagpipigil ay sinumpa ang sanlibutan halos mula pa sa pagkabata. Ang anak ni Noe ay labis na sumama dahil sa labis na pag-inom ng alak na nawala na sa kanya ang lahat ng pandama sa kawastuhan, at ang sumpa na sumusunod sa kanyang kasalanan ay hindi naalis sa kanyang salinlahi.

“Si Nadab at Abihu ay mga lalaking nasa banal na katungkulan; ngunit sa paggamit ng alak ang kanilang mga isipan ay naging napakadilim na hindi nila matukoy ang pagkakaiba sa pagitan ng sagrado at karaniwang mga bagay. Dahil sa paghandog ng ‘ibang apoy’ binalawala nila ang utos ng Diyos, at pinatay ng Kaniyang mga paghatol.

“Si Alexander ay natuklasan na mas madaling sakupin ang mga kaharian kaysa pamahalaan ang sarili niyang espiritu. Pagkatapos masakop mga bansa, ang tinaguriang dakilang taong ito ay nahulog sa pagpapakabuyo sa panlasa—isang biktima ng kawalan ng pagpipigil.”¹

Ngayon ano sa tingin ninyo? Alin ang mas mabuti para sa inyo—ang lupigin ang sanlibutan o ang daigin ang inyong sarili? Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol dito? “Siya na nagpupuno sa kanyang diwa ay maigi kaysa sa sumasakop sa isang bayan” (Kawikaan 16:32). Kaya’t sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya, “Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na” (Filipos 4:5).

Sa pamamagitan ng kahulugan, ang pagpipigil ay ang pagsasanay ng patuloy na pagkontrol ng inyong mga pagkilos, mga iniisip o mga damdamin upang hindi kumain o uminom ng labis-labis o maging madaling magalit. Ang Espiritu ng Hula ay malinaw ipinapaliwanag na “Ang tunay na pagpipigil ay nagtuturo sa

atin na ganap na iwaksi ang lahat ng bagay na nakakapinsala, at gamitin nang may katalinuhan kung ano ang nakapagpapalusog.”² May kaugnayan ba pagitan ng pagpipigil at ng paksa ng kaligtasan? Ang pagpipigil ba sa lahat ng bagay ay bahagi ng ating aral sa Bibliya?

Isa sa mga bunga ng Espiritu

“Datapuwa’t ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan” (Galacia 5:22, 23).

Ang ikaapat na baitang sa hagdan ng pagpapakabanal

“Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig” (2 Pedro 1:5–7).

Isang mahalagang papel sa ating kaligtasan

“Ang paksa ng pagpipigil, sa lahat ng mga nauugnay dito, ay may mahalagang bahagi sa paggawa ng ating kaligtasan. Dahil sa maling ugali sa pagkain, ang sanlibutan ay nagiging lalo at lalong nagiging imoral.”³

1. Pagpipigil sa Pagkain

Isa sa mga punto na kinakailangan nating isaalang-alang kaugnay ng pagpipigil ay ang pagkain. Anong kuwento sa Bibliya sa tingin ninyo ang makapagpapatotoo ng isang tunay na halimbawa ng pagpipigil sa pagkain? Ang madalas na pumapasok sa isipan ay ang halimbawa ni Daniel. Ano ba talaga ang tinanggihan ni Daniel?

“Nguni’t pinasiyahan ni Daniel sa kaniyang puso na siya’y hindi magpapakahamak sa pagkain ng hari, o sa alak man na kaniyang iniinom: kaya’t kaniyang hiniling sa pangulo ng mga bating na siya’y huwag mapahamak. Nang magkagayo’y sinabi ni Daniel sa katiwala na inihalal ng pangulo ng mga bating kay Daniel, kay Ananias, kay Misael, at kay Azarias: Ipinamamanhik ko sa iyo, na subukin mo ang iyong mga lingkod, na sangpung araw; at bigyan kami ng mga gulay na makain, at tubig na mainom.” (Daniel 1:8, 11, 12).

Hangarin ng Diyos na tayo ay maging malusog. Gusto niya tayo ay lumago kapwa sa pisikal at espirituwal; kaya ibinigay Niya kay Adan at Eba ang pagkaing nagmumula sa halaman pagkatapos ng paglalang sa kanila. “At sinabi ng Dios, Narito, ibinigay ko sa inyo ang baw’t pananim na nagkakabinhi, na nasa ibabaw ng balat ng lupa, at ang baw’t punong kahoy na may bunga ng punong kahoy na nagkakabinhi; sa inyo’y magiging pagkain” (Genesis 1:29).

“Hindi naunawa ng aming mga magulang ang iyong

mga kababalaghan sa Egipto; hindi nila inalaala ang karamihan ng iyong mga kagandahang-loob, kundi naging mapanghimagsik sa dagat, sa makatuwid baga’y sa Dagat na Mapula. . . . Nilimot nilang madali ang kaniyang mga gawa; hindi sila naghintay sa kaniyang payo: Kundi nagnais ng di kawasa sa ilang, at tinukso ang Dios sa ilang.” “At kanilang tinukso ang Dios sa kanilang puso, sa paghingi ng pagkain sa kanilang pita” (Awit 106:7, 13, 14; 78:18).

Isang makabuluhang dahilan kung bakit hindi na ligtas kumain ng lamang-kati dahil ang nilalang na hayop ay dumadaing sa sakit, lubhang naghihirap na may iba’t ibang sakit. Sa Jeremias 45:5, ang propeta ay naghula na ang Diyos ay “magdadala kasamaan sa lahat ng tao,” at sa Kanyang awa, ang Panginoon nagbigay sa atin ng isang plano para sa pagkain upang maprotektahan tayo mula sa napakaraming mga sakit. Panahon na ngayon upang bumalik sa orihinal na pagkain na ibinigay ng Diyos sa tao. “Mga gulay, prutas, at butil ang dapat bumubuo ng ating pagkain. Ni katiting na laman ay hindi dapat pumasok sa ating mga tiyan. Ang pagkain ng laman ay hindi likas na karaniwan. Dapat tayong bumalik sa orihinal na layunin ng Diyos sa paglalang ng tao.”⁴

Napakahalagang mga payo

“Ang mga magulang na nakakaalam ng katotohanan tungkol sa pagpapakabuyo sa panlasa ay hindi dapat payagan ang kanilang mga anak na kumain ng labis, o sa kumain ng lamang-kati o iba pang pagkain na nagpapasigla sa mga pagnanasa. Ang tao ay nabubuo mula sa kanyang kinakain. Ang paggamit ng lamang-kati ay nagpapalakas sa mas mababang likas na hilig, at pinasisigla sila sa pagkilos. Ang mga magulang ay dapat alisin ang lahat na nagsasapanganib sa moral at pisikal na kalusugan ng kanilang mga anak. Hindi sila dapat maglagay ng karne sa mesa.”⁵

Ang halimbawa sa ilang

“Sapagka’t hindi ko ibig mga kapatid, na hindi ninyo maalaman, na ang ating mga magulang ay nangapasa ilalim ng alapaap, at ang lahat ay nagsitawid sa dagat; At lahat ay nangabautismuhan kay Moises sa alapaap at sa dagat; At lahat ay nagsikain ng isang pagkain ding ayon sa espiritu; At lahat ay nagsiinom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagka’t nagsiinom sa batong ayon sa espiritu na sumunod sa kanila: at ang batong yaon ay si Cristo. Bagaman ang karamihan sa kanila ay hindi nakalugod sa Dios; sapagka’t sila’y ibinuwal sa ilang. Ang mga bagay na ito nga’y pawang naging mga halimbawa sa atin, upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa.” “Ang mga bagay na ito nga’y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon” (1Corinto 10:1–6, 11).

Sa ilang, “ang halohalong karamihan na nasa gitna nila ay nahulog sa kasakiman: at ang mga anak ni Israel naman ay muling umiyak at nagsabi, Sino ang magbibigay sa atin ng karneng makakain?” (Bilang 11:4). At kanilang tinukso ang Dios sa kanilang puso, sa

“Ang paksa ng pagpipigil, at lahat ng nauugnay dito, ay may mahalagang bahagi sa paggawa ng ating kaligtasan.”



paghingi ng pagkain sa kanilang pita” (Awit 78:18).

Paano tumugon ang Panginoon sa kanilang kahilingan? “At sabihin mo sa bayan, Magpakabanal kayo, para sa kinabukasan, at kayo’y magsisikain ng karne: sapagka’t kayo’y nagsisiyak sa pakinig ng Panginoon, na sinasabi, Sinong magbibigay sa amin ng karne na aming makakain? sapagka’t maigi kahit nang nasa Egipto: dahil dito bibigyan kayo ng Panginoon ng karne at kakain kayo. Hindi ninyo kakaning isang araw, ni dalawang araw, ni limang araw, ni sangpung araw, ni dalawang pung araw; Kundi isang buong buwan, hanggang sa lumabas sa inyong mga ilong, at inyong kasuya: sapagka’t inyong itinakuwil ang Panginoon na nasa gitna ninyo. . . . Samantalang ang karne ay nasa kanilang mga ngipin pa, na hindi pa nila nangunguya ay nagningas laban sa bayan ang galit ng Panginoon at sinaktan ng Panginoon ang bayan ng isang salot na di kawasa. At ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Kibroth-hattaawah; sapagka’t doon inilibing nila ang bayang sakim” (Mga Bilang 11:18–20, 33, 34).

Paano naman tayo ngayon?

“Yaong mga nakatanggap ng tagubilin patungkol sa kasamaan ng paggamit ng mga pagkaing laman, tsaa at kape, at matataba at hindi nakapagpapalusog na inihandang pagkain, at ang mga determinadong gumawa ng isang pakikipagtipan sa Diyos sa pamamagitan ng sakripisyo, ay hindi magpapatuloy na magpapakabuyo sa kanilang panlasa sa pagkain na alam nilang nakakasama sa kalusugan. . . . Ito ay isang gawain na kinakailangang magawa bago ang Kanyang bayan tumayo sa harapan Niya na isang sakdal na bayan.”⁶

“Ang mga tao, kung gayon, ay maaaring gawing hindi banal ang kanilang mga katawan sa pamamagitan ng napakasamang pagpapakabuyo. Kung hindi banal, hindi sila karapat-dapat na mga espirituwal na mananamba, at hindi karapat-dapat sa langit. Kung tinataglay ng tao ang liwanag na mahabaging ibinigay ng Dios sa kanya sa reporma sa kalusugan, maaari siyang mapabanal sa pamamagitan ng katotohanan, at maangkop para sa walang-kamatayan. Subali’t kung babalewalain niya ang liwanag na iyon, at nabubuhay sa paglabag sa batas ng kalusugan, dapat niyang pagbayaran ang kaparusahan.”⁷

“Ang mga kasalanan na may pinakamalaking nasasaklaw ay nagagawa sa pamamagitan ng pagpapakabuyo sa baluktot na panlasa.”⁸ Paano ang baluktot na panlasa ay partikular na inilalarawan?

“Ang isang tiyak na kapinsalaan ay nagagawa sa sistema sa

pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagkain ng laman. Walang pagdadahilan para dito kundi ang masama, baluktot na panlasa.⁹

“Kung, pagkatapos na maibigay ang napakaraming liwanag, ang bayan ng Diyos ay tataglayin ang mga maling gawi, nagpapakabuyo sa sarili at tumatangging mabago, sila ay magdurusa sa tiyak na kapinsalaan ng pagsalangsang. Kung sila ay determinado na paluguran ang baluktot na panlasa sa anumang kapinsalaan, ang Dios ay hindi sila mahimalang maililigtas mula sa mga kahihinatnan ng kanilang pagpapakabuyo. Sila ay hihiga sa kapanglawan.”¹⁰

Ang pagkain ng karne ay magdudulot ng mga nakamamatay na sakit

Isang nakababahalang pahayag mula sa Espiritu ng Hula ang lalo pang inilalarawan na ang lamang-kati ay mapanganib sa ating kalusugan. “Ang mga lamang-kati ay bumubuo ng pangunahing sangkap ng pagkain sa mga hapag ng ilang pamilya, hanggang ang kanilang dugo ay napupuno ng mapanganib na elemento na nagiging sanhi ng kanser. Ang kanilang mga katawan ay binubuo ng kung ano ang kanilang kinakain. Ngunit kapag ang pagdurusa at sakit ay dumating sa kanila, ito ay itinuturing na isang sakit na dulot ng Probidensya.”¹¹

Noong panahon ni Ellen White, maraming doktor ang hindi nakakaalam na ang pagkain ng karne ay maaaring magdulot ng nakamamatay na sakit sa ating mga katawan. Ngunit ngayon ito ay kinumpirma ng siyensya. Halimbawa, kapag ang karne ay piniprito o iniihaw, ang mga taba sa karne ay natutunaw at nahulog sa nasusunog na бага, na gumagawa ng usok, at ang usok na ito ay gumagawa ng methylcholanthrene at benzopyrene. Ang napreserbang karne tulad ng bacon at ham ay naglalaman ng nitrosamines. Kapag nasipsip ng katawan ay sisirain nila ang DNA ng selula at sa halip na mamatay ay mabilis silang dumadami at bumubuo ng mga cyst at mga tumor. Ang karne din ay naglalaman ng masamang taba (saturated fats) sa anyo ng cholesterol.¹²

“Ang World Health Organization ay pinagbukod-bukod ang mga naprosesong karne kabilang ang ham, bacon, salami at frankfurts bilang Group 1 carcinogen (kilalang sanhi cancer) na ibig sabihin ay mayroong matibay na ebidensya na ang mga naprosesong karne ay nagdudulot ng cancer. Ang pagkain ng naprosesong karne ay nagpapataas ng iyong

“Ano ang epekto ng pagkain ng labis sa tiyan? Ito ay napipinsala, ang mga bahagi ng pagtunaw ay napapahina, at ang sakit, kasama ang lahat ng sunod-sunod na kasamaan nito, ay dinadala bilang resulta.”



panganib na magkaroon ng kanser sa bituka at tiyan. Ang pulang karne, tulad ng karne ng baka, tupa at baboy, ay inuri bilang Group 2A na carcinogen na ibig sabihin malamang na ito ay maaaring maging sanhi ng kanser.”¹³

Bukod sa pagkain ng karne, mayroon ding mga payo mula sa Espiritu ng Hula tungkol sa ilang mga gawi sa pagkain at maling paraan ng pamumuhay na simisira sa ating kalusugan. Bagama’t hindi sila batayan ng pagiging kaanib sa iglesia (test of fellowship), nararapat na sundin ang mga ito upang magkaroon ng mabuting kalusugan.

2. Paghahalo ng prutas at gulay sa isang pagkain; hindi magandang kumbinasyon

“Ang mga gulay at prutas ay hindi dapat kainin sa parehong oras ng pagkain. Sa isang oras ng pagkain ay gumamit ng tinapay at prutas, sa susunod ay tinapay at mga gulay.”¹⁴

Natuklasan ng mga siyentipiko na ang tiyan ay gumagamit ng iba’t ibang mga enzyme para sa pagtunaw ng mga prutas at gulay. Kapag kinakain ang prutas, dapat itong karaniwang kakainin nang prutas lamang at walang laman ang tiyan, dahil mas mabilis itong natutunaw kaysa sa iba pang mga pagkain. Samantala, ang paghahalo ng mga prutas at gulay nang magkasama (na lahat ay may ibat-ibang tagal ng oras upang matunaw) ay maaaring magdulot ng gas. Ang parehong uri ng bagay ay nangyayari kahit sa mga juice; ito ay maaaring magdulot ng kabag, heartburn, at maging ng migraine.¹⁵

3. Ang pagkain ng meryenda (Eating between meals) ay dapat iwasan

“Pagkatapos kainin ang regular na pagkain, ang tiyan ay dapat magpahinga ng limang oras. Ang isang maliit na butil ng pagkain ay hindi dapat makapasok sa tiyan hanggang sa susunod na oras ng pagkain. Sa pagitan nito ang tiyan ay gagawin ng trabaho nito, at pagkatapos ay nasa kondisyon na upang tumanggap ng mas maraming pagkain.”¹⁶

Karamihan sa mga tao ay may mas mabuting kalusugan kapag sila kumakain ng dalawang beses sa isang araw kaysa tatlo; ang iba, sa ilalim ng umiiral na mga kalagayan, ay maaaring mangailangan ng makakain sa oras ng hapunan; ngunit ang pagkain na ito ay dapat na napakagaan.”¹⁷

Napakahalagang malaman kung paano natuklasan ng siyensya ngayon ang panganib sa madalas na pagkain: “Ang epekto ng dalas ng pagkain at tamang oras sa kalusugan at sakit ay naging paksang matagal ng pinag-uusapan sa loob ng maraming taon. Bagama’t ang ebidensya ng epidemiological ay nagpapahiwatig ng kaugnayan sa pagitan ng mas mataas na dalas ng pagkain at mas mababang panganib sa sakit, ang mga eksperimentong pagsasaliksik ay nagpakita ng magkasalungat na mga resulta. Higit pa rito, ang kamakailang inaasahang pananaliksik ay nagpakita ng isang mahalagang pagtaas sa panganib ng sakit sa pagkain ng maraming beses (=6 na beses/ bawat araw) kumpara sa mababang dalas ng pagkain. (1–2

beses/bawat araw).”¹⁸

Ang mga makabagong medikal na propesyonal ngayon ay nauunawaan ang kahalagahan ng pahintu-hintong pag-aayuno (intermittent fasting—12-16 na oras na hindi kakain sa gabi hanggang sa kinaumagahan. “Ang Autophagy ay isang pangunahing proseso na gumagawa sa bahagi ng selula upang alisin ang basura, ayusin ang mga napinsala, ibalik at pabatain ang inyong mga selula. Pagkatapos ng labing-anim na oras ng pag-aayuno, ang katawan ay magsisimulang atakihin ang mga masasamang selula. Ang katawan ay palaging kinakain ang masasamang selula at sustansya para sa lakas. Bilang resulta, ang iyong katawan ay may pagkakataon na alisin ang mga basurang selula at abnormal na mga selula, tulad ng mga cancerous na selula).”¹⁹

“Ang pagkain lamang ng almusal at tanghalian ay nakakabawas sa timbang ng katawan, taba na nakadeposito sa atay, maka-iwas sa matamis, at pagtaas ng pagiging sensitibo ng insulin. Ang mga resultang ito ay nagmumungkahi na, para sa mga alalahanin ng kalusugan sa asukal sa dugo, ang maraming pagkain sa almusal at tanghalian ay maaaring mas nakakabuti kaysa sa 6 na beses na mas kakaunting pagkain sa buong araw.”²⁰

4. Iwasan ang pagkain ng labis

“Ano ang epekto ng pagkain ng labis sa tiyan? Ito ay nanghihina, ang mga bahagi ng pagtunaw ay napipinsala, at ang sakit, kasama ang sunod-sunod na kasamaan nito, ay dinadala bilang resulta.”²¹

Ayon sa Mayo Clinic, ang sobrang carbohydrates o calories ay nagiging triglycerides, kaya nagdulot ng mataas na presyon ng dugo (high blood pressure) at tumutulong sa pagtigas ng mga ugat at pamamaga ng pancreas.

Ang patuloy na pagkain ng labis ay isang matinding kasamaan na nagpapalakas sa masamang likas at nagpapapuroh ng konsensya. Upang madaig ang hilig na ito ay “maglagay ka ng sundang sa iyong lalamunan, kung ikaw ay taong bigay sa pagkain” (Kawikaan 23:2). Sa pamamagitan lamang ng isang matatag na desisyon na maging mapagpipigil sa tulong ng Banal na Espiritu ay magagawa natin ito.

5. Pagpipigil sa lahat ng bagay

“Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na” (Filipos 4:5).

“Huwag kang magagalitin sa iyong kalooban: sapagka’t ang galit ay nagpapahinga sa sinapupunan ng mga mangmang” (Eclesiastes 7:9).

“Kaya kung kayo’y nagsisikain man, o nagsisiinom man o anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios” (1Corinto 10:31).

“Nguni’t hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil” (1Corinto 9:27).

“Ang pagpipigil sa lahat ng bagay sa buhay na ito ay dapat ituro at isagawa. Ang pagpipigil sa pagkain, pag-inom, pagtulog at pananamit, ay isa sa mga dakilang prinsipyo ng relihiyosong pamumuhay.”²²

Tayo ay dapat uminom ng sapat na tubig araw-araw. Ang kakulangan ng tubig ay sumisira sa mga kidney at nakakapinsala sa likas na mga pagkilos ng bahagi ng katawan. Hindi ang may kulay, carbonated, puno ng asukal na tubig at alak! Ang pinakamatalinong hari sa kasaysayan ay nagpaliwanag, “Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo; at sinomang napaliligaw sa kaniya ay hindi pantas” (Kawikaan 20:1).

Dapat din tayong manamit para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos. Tayo ang bayan na nag-aangking lumalakad kasama ng Diyos bawat araw. Kung nais nating lumakad nang mas malapit kay Hesus, kinakailangan nating bihisin ang ating sarili ng maayos. Ang mga serapin at mga querubin ay natatakpan ang kanilang sarili sa presensya ng Diyos. Ang ating pamantayan sa pananamit ay matatagpuan sa Deuteronomio 22:5. Paano naman sa pagtulog? Ang pinakamainam na oras upang matulog ay dapat sa pagitan 10pm at 6am. Ano ang panganib sa kakulangan sa pagtulog?

“Ang bagong pananaliksik mula sa Iowa State University ay nagpahayag na ang mga taong nawawalan ng tulog kahit ilang oras lamang sa gabi ay mas magagalitin at mas mababa ang kakayahang makapagpipigil sa mga nakakainin sa sitwasyon kaysa sa mga taong nakakakuha ng sapat na pahinga.”²³

Kapag tayo ay may problema sa iglesia o sa ating pamilya, Madalas nating sisihin ang ibang mga tao o marahil ang ating mga kapareha, subali’t ang ugat na dahilan ay madalas na nasa sa ating kawalan ng pagpipigil. Dahil dito, ito ang maaaring magtulak sa atin na manghugsa, magkalat ng kwento at ang pinakamasama, ay ang magtaglay ng hindi mapagpatawad na espiritu. Habang tayo ay naglalakad sa ating bagong buhay, tayo ay tumutok sa pagpipigil sa sarili. Huwag nating sisihin ang iba, kundi sa halip ay simulan nating suriin ang ating mga sarili kung saan tayo ay nabigo sa pagpipigil. Marahil ay hindi tayo kumakain ng maayos. Ang ating tiyan ay busog ngunit ang mga selula ay gutom. Bakit? dahil hindi tayo kumakain ng balanseng pagkain. Tandaan, ang taong gutom ay taong madaling magalit. Subukan mong uminom ng maraming tubig at matulog ng maayos upang magkaroon ng magandang balanseng damdamin.

6. Ang Pagpipigil at ang Huling Ulan

“Kakaunti ang nakakaunawa gaya ng nararapat kung gaano ang kanilang mga gawi sa pagkain ay may kinalaman sa kanilang kalusugan, sa kanilang pag-uugali, sa kanilang pagiging kapaki-pakinabang sa sanlibutang ito, at ng kanilang walang hanggang kahahantungan.”²⁴

Ang bayan ng Dios ay dapat matutunan ang kahulugan ng pagpipigil sa lahat ng mga bagay. . . . Bago nila tunay na maintindihan ang kahulugan ng tunay na pagpapakabanal at ng pag-ayon sa kalooban ni Cristo, dapat sila, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan kasama ng Diyos, ay magkaroon ng kontrol sa mga maling gawi at mga kasanayan.”²⁵

“Walang isa man sa atin ang tatanggap ng tanda ng Diyos habang ang ating mga ugali ay may isang bahid o mantsa. Ito ay nasa ating tungkulin na malunasan ang mga depekto sa ating mga pag-uugali, upang linisin ang templo ng kaluluwa sa bawat karumihan. Pagkatapos ay ibubuhos ang huling ulan sa atin gaya ng pagbuhos ng maagang ulan sa mga alagad noong Araw ng

Pentecostes.”²⁶

Konklusyon

Ngayon ay nauunawaan na natin na upang matanggap ang huling ulan, ay dapat nating maranasan ang pagpapakabanal na hinihiling ng Diyos. Upang makamit ang pagpapakabanal na ito, ay kinakailangan nating pagtagumpayan ang lahat ng masasamang gawi sa pagkain at lahat ng masasamang paraan ng pamumuhay.

Bilang makasalanang tao, hindi natin ito makakamit sa pamamagitan ng ating sariling mga pagsisikap. “Ito ay ang pinakamahirap na bagay ang baguhin ang mga nakasanayang gawi na matagal ng naging bahagi ng buong buhay natin at humubog ng panlasa. Ang walang pagpipigil na diablo ay hindi madaling matalo. Ito ay may higitang lakas at mahirap madaig.”²⁷

Ang tanging solusyon ay ang tumugon sa panawagan ni Hesus, “Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin” (Mateo 11:28).

Dapat nating gawin ang ating bahagi at hayaan si Hesus na gumawa sa atin ng lubusan. “Pagsikapan ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig; Sapagka’t Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagmanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban” (Filipos 2:12, 13).

Oo, ang pagpapalugod sa sarili ay mahirap, ngunit madaling pagtagumpayan—mahirap kung gagawin natin ito nang mag-isa, ngunit madali kung tutulungan tayo ni Hesus. Nais mo ba talagang maging mananagumpay? Nananampalataya ka bang kaya ni Hesus na tulungan ka? Tayo ay umiiral na bilang isang iglesia sa sanglibutang ito sa loob ng halos 100 taon. Tayo ay napapagod na at bawat isa sa atin ay nais nang makauwi hindi ba? Kaya tayo ay dapat makipagtulungan kasama ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga aral—sa pamamagitan ng Kanyang kalakasan na handa Niyang ibigay sa atin—at taimtim na ipanalangin ang maalapit nang pagdating ni Hesus sa mga alapaap ng langit upang tayo ay dalhin sa ating tahanan.

Mga Reperensya:

- 1 *Christian Temperance and Bible Hygiene*, pp. 28, 29.
- 2 *Temperance*, p. 138.
- 3 *Evangelism*, p. 265.
- 4 *Counsels on Diet and Foods*, p. 380.
- 5 *Pacific Union Recorder*, October 9, 1902.
- 6 *The Retirement Years*, p. 129.
- 7 *Counsels on Diet and Foods*, p. 70.
- 8 *Ibid.*, p. 44.
- 9 *Ibid.*, p. 407.
- 10 *Ibid.*, p. 25. [Emphasis added.]
- 11 *Testimonies for the Church*, vol. 3, p. 563.
- 12 <https://www.sciencedirect.com/topics/earth-and-planetary-sciences/nitrosamine>
- 13 <https://www.cancerouncil.com.au/in3cancers/lifestyle-choices-and-cancer/red-meat-processed-meat-and-cancer/>
- 14 *The Signs of the Times*, September 30, 1897.
- 15 <https://timesofindia.indiatimes.com/life-style/health-fitness/diet/fruits-you-should-not-have-together/articleshow/58459356>
- 16 *Counsels on Diet and Foods*, p. 179.
- 17 *Christian Temperance and Bible Hygiene*, p. 58.
- 18 <https://pmc.ncbi.nlm.nih.gov/articles/PMC6520689/>
- 19 <https://drpomp.com/fasting-diet/fasting-autophagy>
- 20 <https://lifespa.com/diet-detox/diet/6-meals-a-day>
- 21 *Counsels on Diet and Foods*, p. 101.
- 22 *Child Guidance*, p. 394.
- 23 <https://www.healthline.com/health-news/why-a-lack-of-sleep-can-make-youangry>
- 24 *Patriarchs and Prophets*, p. 562.
- 25 *Child Guidance*, p. 396.
- 26 *Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 214.
- 27 *Child Guidance*, p. 408.

5 Mula sa Matinding mga Pagsubok

Biyernes, Hulyo 18, 2025

by Liviu Tudoroiu

CENTENNIAL EDITION

Tayo ay may mapalad na pribilehiyo na pagyamanin ang espesyal na linggong ito ng panalangin na may ilang makasaysayang pagmumuni-muni, lalo na ngayon, dahil marami ang sabik na ipagdiwang ang ika-100 na taon ng ating pag-iral bilang isang samahan, habang ang iba ay nagpapahayag ng malalim na pagmamalasakit tungkol sa ating espirituwal na kalagayan.

Upang tunay na masukat ang pulso ng ating espirituwal na kalagayan—kapwa bilang mga indibidwal at bilang isang kabuuang katawan ng mga mananampalataya—kinakailangan muna nating kilalanin ang Pinagmumulan ng lahat ng mabubuting pagbabago, ang pinakabuod ng lahat ng marangal na pagkilos, ang Isa na nagpahayag ng Kanyang sarili bilang “ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.” Kung wala Siya bilang sakdal na huwaran, ay hindi natin malalaman ang kaganapan sa ating espirituwal na kalagayan.

Ang ating pagsasaalang-alang ay mag-iiba-iba depende sa lente kung paano natin tinitingnan ang ating mga sarili. Maaari tayong tumingin sa pamamagitan ng mga mata ng ating Tagapagligtas, na hinahanap ang Kanyang katotohanan, o sa pamamagitan ng may depektong lente ng ating makasariling likas ng pagkatao, na kadalasang bulag sa sarili nitong mga pagkukulang na maaaring umaasa sa reputasyon na inilalarawang pag-uugali. Ngunit ang reputasyon ay isang impresyon na naiwan sa isipan ng mga tao tungkol sa ating pagkakakilanlan; Ang pag-uugali ay ang katunayan ng Diyos tungkol sa kung ano at sino talaga tayo.

Ito ang dahilan kung bakit ang katotohanan ay napakahalaga. Tulad ng nalalaman ng karamihan sa atin, ang KATOTOHANAN ay dumadaan sa tatlong yugto:

Una, ito ay mahigpit na sinasalungat; pagkatapos, ito ay pinagtatawanan; at sa huli, ito ay pangkalahatang tatanggapin. Itong nagpapatuloy na “debate” ay nagtatanghal ng ilang mga pagpipilian-kung ipagdiriwang ang ika-100 na taon ng tagumpay o sa halip ay magmuni-muni sa ika-100 na taon ng mga “nakamit” na may halong mga kabiguan. Ito ay hahantong sa atin sa susunod na punto ng ating pagsusuri:

Mula 1914–1945, maraming bilang ng mananampalataya sa Adventista ang may malalim na paniniwala na ang mga pandaigdigang digmaan na nagngangalit ay ang tanda ng pagtatapos ng sibilisasyon at itatakda ang yugto para sa nalalapit na pagbabalik ng ating Panginoong Hesus Kristo. Noong taglagas ng 1913 at mga unang buwan ng 1914, marami ang lalo pang naniniwala na ang magulo, ang marahas na larangan ng digmaan sa mundo ay

hindi mga lugar kung saan ang mga tunay at matapat na kaluluwa ay makakapaghandang para sa walang hanggan. Sa katunayan, ang paniniwalang ito bunga ng karaniwang pag-unawa ay hindi lamang ibinahagi sa mga kaanib ng iglesia na naghihintay sa pagbabalik ni Kristo kundi kahit sa maraming mga ateista, agnostics (walang pananampalataya sa Dios), at mga taong may iba't ibang relihiyosong gawain.

Hindi pa ba sapat ang dugong dumanak ng mga martir upang kumbinsihin ang mga nag-aalinlangan na aggapasinungaling sa pagiging lehitimo ng samahang ito?

Sa *Engaging the Powers*, p. 217, ang iskolar sa Bibliya na si Walter Wink ay naobserbahan “ang iglesia na nakapanindigan nang hindi mapusok sa malupit na panunupil ng Imperio ng mga Romano ay natuklasan ang sarili sa naiibang tagumpay. . . . Ang halagang ibinayad ng iglesia, gayunpaman, ay ang tanggapin ang karahasan bilang isang paraan ng pagpapanatili ng imperyo. Subali’t nang alisin ang walang dahas mula sa ebanghelyo ang nagwasak ng saligang bato, at bumagsak ang Kristiyanismo tungo sa isang relihiyon ng pansariling kaligtasan at sa kabilang buhay na binabantayan ng isang galit at nakakatakot na Diyos—ang buong sistema ay maingat na pinamamahalaan ng isang piling pangkat ng mga pari na may direktang suporta mula sa mga pinunong walang kaugnayan sa relihiyon na ngayon ay itinuturing na mga hinirang na kinatawan ng pagkilos ng Diyos sa kasaysayan.”¹

Si Carl von Clausewitz, may-akda ng *Vom Kriege*—isang aklat tungkol sa estratehiya sa digmaan—ay maaaring ituring na isa sa mga pinaka-kwalipikadong henyo ng militar upang balangkasin ang konsepto ng digmaan bilang isang pwersahang pagkilos upang pilitin ang kaaway na sumunod sa kalooban ng iba, at higit pa, ang digmaang iyon ay inilalantad ang sarili sa nakakatakot na tatlong anyo—binubuo ng sinaunang karahasan, galit, at pagkapoot, na itinuturing bilang isang likas na puwersa na walang katuwiran.

Ngunit sa harapan ng mga pangyayaring ito, ang mga progresibong theologians ay nagpupumilit na sumubok kung paano maiaangkop ang katangian ni Jesu-Kristo sa karahasan sa digmaan.

Sa ilalim ng pangambang mawalan ng kapangyarihan, ang mga pinuno na may kaisipan na katulad ni Caifas ay balisang magpapahayag: “Ano ang ginagawa natin? sapagka’t ang taong ito’y gumagawa ng maraming tanda. Kung siya’y ating pabayaang gayon, ang lahat ng mga tao ay magsisisampalataya sa kaniya: at magsisiparito ang mga Romano at pagkukunin ang ating kinaroroonan at gayon din naman ang ating bansa” (Juan 11:47, 48).

Si Jesus ay hindi kailanman nakibahagi sa digmaan, hindi kailanman sa pisikal o emosyonal na nang-abuso ng

sinumang tao o grupo. Sa mukha ng kultura ng digmaan na uso sa Kanyang panahon, Ipinaliwanag Niya ang pag-uugali ng isang tao sa panahon ng naturang krisis: “Narinig ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan mo ang iyong kaaway: Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig” (Mateo 5:43).

Kaya, ang mga unang tagapagtatag Adventista at ng mga Repormador na sumunod sa halimbawa ni Kristo ay naunawaan na upang magkaroon ng ganoong uri ng katangian at pag-ibig sa mga kaaway, ay kapalit ang kalayaan, pagkakulong, pagpapahirap, at maging kamatayan. Ang mga Adventista na tunay na umiibig kay Jesus ay nalalaman ang halagang kinakailangan para sa pagpapahayag ng kanilang pananampalataya nang hayagan.

Sa tag-araw, bawat isa ay nasisiyahan sa papuri. Ngunit sa taglamig—sa panahon ng krisis—kahit sa pag-iisip lamang na ang iyong pananampalataya ay ipapahayag nang hayagan ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng pagsang-ayon ng lipunan. Sa sandaling iyon ang ating pananampalataya ay susubukin ng husto, sapagkat ang ating dating mga kaibigan ay magiging mapait na kaaway.

Sa Report ng Third Annual Session ng General Conference ng Seventh-day Adventists, *The Review and Herald*, May 23, 1865, ang pangkalahatang pananaw ay ang sumusunod: “Napipilitan kaming tanggihan ang lahat pakikilahok sa mga pagkilos ng digmaan at pagdanak ng dugo.” Gayunpaman sa panahon ng first world war noong 1914–1918, karamihan sa Seventh Day Adventists—98% ayon sa ilang pagtatantya—ay napilitang sumali sa hanay ng sundalo, nakibahagi sa pandaigdigang makinarya ng pagpatay, na malinaw na nalalaman na ang gayong gawain ay labag sa kanilang pananampalataya.

Isang maliit na minorya, halos 2% lamang, ang pumili ng ibang landas. Mas ginusto nilang maging itinakwil, na itinuring na sumpa ng lipunan, sa halip na talikuran si Kristo at lumalabag sa mga utos ng Diyos. Dahil napuspos ng matatag na bahagi ng Espiritu ni Kristo, sila ay nakapanindigan sa pagsubok ng panahon, ang kanilang mga mata ay nakatuon sa kagandahan ng isang bayang iyon—na walang hanggan. Sila ay malinaw na kinikilala na ang pilosopiya ng digmaan ay hindi kailanman magiging sang-ayon sa utos na “ibigin ang iyong mga kaaway.” Ang hindi maiiwasang salungatan sa pagitan ng Kautusan ng Diyos at ng batas ni Caesar ang hahantong sa matinding pag-uusig, isang malupit na kaganapan na susubok sa determinasyon ng mga matapat.

Ang panahon at pagkakataon ay madalas na nagsasanib upang hilahin ang mga kabataan sa labanan na hindi magkakakilala ni may galit sa isa’t isa, na napipilitan silang pumatay para sa mga adhikaing itinakda ng ilang matatandang tao—mga taong talagang hindi kilala ang



Pagninilay-nilay at Pagliliwanag

Bilang isang samahan ay nangangailangan ng pagkilos! Ipakita natin ang liwanag ni Kristo na may praktikal na mga pagkilos:

Maglaan tayo ng ilang sandali upang magmuni-muni Sa totoo lang: nagtataglay ba ako ng lakas ng loob upang makapanindigan sa mapayapang panahon? Paano kung sa panahon ng pagsubok?

Ibang bagay ang basahin ang aklat ni Job nang hindi nakakaharap ang kanyang mga pagsubok, at medyo ibang bagay ang basahin ito nang walang laman ang tiyan, pagkatapos ng mga araw ng pag-aayuno at pagdarasal, sa panahon ng matinding pagsubok. Ito ay ibang bagay ang umawit para kay Kristo, at ibang bagay ang mamatay para kay Kristo.



isa't-isa at nagkikimkim ng malalim na poot subali't hindi kailanman maglalakas-loob na humawak ng mga armas sa kanilang sarili.

Hindi mahirap makita na ang ideolohiyang ito ay nakatayo na ganap na salungat sa katangian ng Diyos. Nilalaman nito ang mismong pinagmulan ng kasalanan. Ang pagkilos ng pagpuwersa o pamimilit sa matatalinong nilalang na magsabi o gumawa ng isang bagay na labag sa kanilang sariling kosensya ay sumasalamin sa pasimula ng matinding labanan sa Langit—isang paghihimagsik na nag-ugat sa pamimilit at pagsalungat laban sa banal na kalayaan.

Lakas ng loob sa panahon krisis

Sa tag-araw, ang lahat ng punong kahoy ay kulay berde—ngunit kapag ang taglamig ay dumating, tanging ang mga evergreen ang napapanatili ang kanilang kulay. Gayundin, ito sa panahon ng espirituwal at materyal na kagitpitan na ang ating tunay na kulay ay nahahayag. Kapag ang apoy ay napadiit sa ating mga paa dito lamang natin matutuklasan kung sino tayo talaga. Ang mga nanghihina sa ilalim ng bigat ng kahirapan ay maaaring ang tinatawag na “Mga Kristiyanong matapat lamang kapag maayos ang kalagayan.”

Hanggang sa dumating ang gayong pagsubok, madali para sa atin ang itaguyod ang katotohanan habang ang sanlibutan ay hindi pa lumalaban dito—ngunit kapag ang pag-uusig ay bumangon sa pangit nitong anyo, kakaunti ang handang magbigay ng kabayaran para sa kanilang pag-aangkin ng pananampalataya! Marami ang sabik na sumunod kay Hesus noong Siya ay namamahagi ng walang bayad na tinapay sa gilid ng burol ng Jerusalem, subali't gaano ka-konti sa mga nag-uwi ng labindalawang basket na mga labis na pagkain ang handang isapanganib ang kanilang reputasyon upang tumayo sa tabi ng abang Anak ng Tao, na ipinako sa krus sa pagitan Langit at Lupa?

Ang mga alagad ay labis na nabigo na si Jesus ay hindi ihayag ang Kanyang sarili bilang Diyos ng Sansinukob sa pamamagitan ng makapangyarihang pagpapakita ng kapangyarihan at kapamahalaan mula sa Langit. Sila ay nagagalak na makita Siya bilang ang matagumpay na hari ng Israel, ngunit hindi bilang isang tinaguriang isang kriminal, na nagkasala ng “pagtataksil laban sa pamahalaang Romano.”²

Madaling basahin ang aklat ni Job kapag hindi pa kailanman nakakaharap ang kanyang mga pagsubok, subali't iba kapag babasahin ito ng walang laman ang tiyan, pagkatapos ng mga araw ng pag-aayuno at pagdarasal, sa panahon ng matinding pagsubok. Madaling umawit para kay Kristo, subali't iba ang mamatay para kay Kristo. Madaling bagay ang lumangoy sa isang pool, subali't iba ang lumangoy sa karagatan, habang sa malalakas na alon ay nakikipaglaban.

Ang mga mahihirap na panahon ay lumilikha ng mga malalakas na tao; ang malalakas na mga tao ay nagdadala magagandang panahon. Gayunpaman, ang magagandang panahon ay ginagawang mahina ang mga tao, at ang mahihinang tao ay nagdadala ng mahihirap na mga panahon. Kaya sa ganito tayo nakatayo, pagkatapos 100 taon ng pag-iral, humaharap sa isang

krisis ng pagkakakilanlan, humaharap sa mga bagong hamon, at nag-aabang sa mga malalakas na alon ng bagong pananaw na “iwinawagayway ang kanilang kahihiyan” sa mga pintuan ng simbahan.

Ang henerasyon ng mga Repormador na ipinanganak sa mahihirap na panahon ay ipinapasa ang baton sa susunod na henerasyon—ng isang ipinanganak sa mabuting panahon, na hinubog ng mga taong matatag. Ngayon, gayunpaman, tila ang sanlibutan ay pinangungunahan ng mahihinang mga tao, at bilang resulta, muli na namang dumarating sa atin ang mahihirap na mga panahon.

Ang mga bagong henerasyon ng mga Repormador ay nahaharap sa mga tukso at mga pagpapagalit na mas tuso kaysa sa mga dating nararanasan. Ang nakaraang henerasyon ay payayapa nang nagpapahinga, nailibing na sa mga nakalimutang sementeryo, habang ang kanilang mga anak at mga apo ay kakaunti ang naaalala sa mga pakikibaka ng kanilang mga lolo at lola.

Sa loob ng mahigit 2,000 na mga taon, ang Roma at ang sanlibutan, sa pamamagitan ng kanilang “Cesar,” ay hinamon ang matapat na mga Kristiyanong upang ikompromiso ang kanilang pananampalataya kay Hesus at labagin ang kautusan ng Diyos. Mula noong panahon ni Kristo, ang nangingibabaw na batas ay ang batas ng Roma. Sa ilalim ng malupit utos, “Non licet es vos!”—“Hindi kayo pinahihintulatang umiral!”—ang mga sinaunang Kristiyanong ay isinakripisyo ang kanilang mga pangalan, reputasyon, kaginhawahan, at sa huli ay ang kanilang buhay para sa kanilang minamahal na si Kristo. Ngayon, ang “Makabagong Caesar” ay gumagawa ng katulad na patakaran: walang kondisyong pagpapasakop, o kung hindi ikaw ay itinuturing na hindi karapat-dapat na umiral. Ito ay sa ilalim ng kagitpitan na ang Repormasyon sa Seventh Day Adventist ay isinilang.

Totoo na ang kaloob ng Diyos na buhay ay darating na isang package na may personal na “krus.” Ang Diyos ang nagbibigay ng krus, ngunit ang mga tao ay minamartilyo ang mga pako. Dahil dito, mayroon tayong dalawang bersyon ng kasaysayan—ang isa ay isinulat ng mga mang-uusig na may tinta ng kalupitan, at ang isa ay ng mga martir, na isinulat ng sarili nilang dugo.

Isang matapat na pagsasaalang-alang

Ang ating mga ninuno, ang mga pioneer ng Reform, ay isinulat ang kanilang kasaysayan ng sarili nilang dugo dahil pinahalalagahan nila ang katotohanan sa panandaliang kaluwalhatian ng sanlibutang ito. Sa komunistang mga bansa tulad ng Romania, ang ating bayan ay inalisan pangunahing edukasyon, kalayaan, at mga karapatang pantao. Sa mga madilim na mga panahon, maraming awtoridad ang nagmamalaki, “Maghintay ka lang ilang taon pa, at mawawala ka na.” Subali't ang Diyos ay palaging pinangangalagaan ang Kanyang bayan, at sa huli, ay ang mga taong mapang-api ang naglaho, pinatahimik ng sarili nilang kayabangan.

Upang lumiwanag, hindi natin kailangang atakihin o batikusin ang iba ng ating mga pananalita at pagkilos. Hayaan ang katangian ni Kristo ang lumiwanag sa atin, at ang debate tungkol sa “sino ang mas banal kaysa kanino” ay titigil. Hayaan ang kapaligiran ng langit ay pumalibot kasama natin kahit saan tayo pumunta, upang ang mga tao ay hindi lamang mapansin ang ating presensya bilang

isang samahan kundi pahalagahan din ang pagkakaiba sa pagitan ng mabuti at masama. Mararamdaman nila ang epekto ng ating presensya sa lipunan. Ganyan tayo gagawa ng pagkakaiba.

Nasa atin: kung itatanggi ba natin ang mga pangyayari, o tatanggapin natin ang pagpapagaling? Dapat nating tandaan na ang tagumpay ay hindi nasusukat sa taas ng bundok na ating naakyat, kundi sa dami ng tao na naisama natin sa itaas.

Kung batay lamang sa mga numero, ang paglago ng iglesia ay maaaring mukhang isang kabiguan. Subali't kung tayo ay babatay ayon sa katangian, hindi sa dami, tayo ay magkakaroon ng lubos na kakaibang pananaw sa gawain ng iglesia. Sa Zefanias 3:12, ang Panginoon ay nagbibigay ng a pangako sa nalabi sa huling henerasyon: "Ngunit aking iiwan sa gitna mo ang isang nagdadalamhati at maralitang bayan, at sila'y magsisitiwala sa pangalan ng Panginoon." Ang talatang ito ay nagpapahayag na sa katapusan ng sanlibutan, ang bayan ng Diyos ay hindi magiging isang napakalaking, matagumpay na karamihan na sumisigaw sa tagumpay, ngunit sa halip ay isang nagdadalamhati at hamak na grupo na nagtitiwala lamang sa Kanyang pangalan.

Sa nakikita natin, walang engranden o marangyang pagpapamalas ng kapangyarihan sa ikalawang pagdating ng Kristo. Sa halip, mayroong isang matapat na nalabi—nagdadalamhati, hindi kilala ng lipunan, at hindi kahanga-hanga ayon sa makamundong pamantayan ng kayamanan o bilang. Gayunpaman, sila ang mga nagdadala ng liwanag ng Kanyang katotohanan.

Ano ang nasa abot-tanaw?

Tanging kapag ang kaluwalhatian ng Panginoon ay bumangon sa atin maaari nating ipakita ang ganap na kasakdalan ng pag-uugali na hahantong sa atin na kamuhian ang sarili at talikuran ang matagal nang pagbibigay-kaluguran sa sarili na pinangangalagaan ng ating panloob na napakasamang likas. "Kapag ang katangian ni Kristo ay ay ganap nang natularan ng Kanyang bayan, kung gayon Siya ay darating upang angkinin sila bilang Kanya."³

Habang iniisip natin ang ating nakaraan, mapapatunayan natin na si Kristo ay laging naroroon sa mga pagsubok at paghihirap ng Kanyang bayan. Sa bawat sulok ng sanlibutan kung saan ang ating mga kapatid ay nahaharap sa malupit na pagsalungat, si Jesus ay naroroon, nasasaksihan ang kanilang katapatan at sumisinag ang Kaniyang kaluwalhatian sa kanila. Sa bawat hukuman, sa bawat madilim na kulungan ng malalayong mga bilangguhan, si Jesus ay nakatayo sa tabi ng Kanyang kasintahang babae. Ang diktador na mga rehimen ay nagdudulot ng matinding paghihirap, pagkakakulong at pagpapatahimik sa mga kaanib ng iglesia, inaalisin sila ng kanilang kalayaan at ng kalayaan sa pagpapahayag. Ang Reform Movement ay nanaig sa bawat henerasyon alang-alang sa katotohanan. Sa pamamagitan ng pagtataguyod sa Kautusan ng Diyos nang higit sa mga batas ng tao, ang nalabi ay matatagpuan ang sarili mismo sa gitna ng kahirapan, na humihila ng pagkapoot ng mga may kapangyarihan sa sanlibutang ito.

Tila sa anumang mga tagumpay na maaari nating subukang isaalang-alang ay hindi pa nasisiyahan ang Langit sa punto na magpapakilos sa bisig ni Jesus upang isara Kanyang gawain ng pamamagitan sa santuario at kilalanin na ang kanyang katangian ay ganap na nakikita na sa atin. Tayo ay nandito pa rin sa Lupa, nakikibahagi ng parehong pakikibaka, nang parehong mga ospital,

nang parehong mga sakit, at kahit na nang parehong mga sementeryo gaya sa ibang bahagi ng sanlibutan. Meron isang bagay na napakahalagang nawawala sa palaisipang ito, nakapagpapaalaala ang tanong ng mayamang pinunong binata sa Mateo 19:20, "Ano pa ang kulang sa atin?"

Ang matematika ng Diyos

Madalas tayong mag-focus nang labis sa pagbibilang ng ating mga kaanib; tayo ay maaaring mauwi sa pagpapabanal ng mga numero—subali't ang Panginoon ay pinaaalalahan tayo na ang tagumpay na iyon ay maaaring makuha ng iilan lamang.

Isaalang-alang ang istatistikal na ulat mula sa lambak ng Dura: tatlong matapat na lalaki ang nanindigan laban sa malawak na imperyo ng Babilonia. Sa yungib ng leon, ay isang—Daniel—laban sa pinagsamang lakas ng Medo-Persia. Noong panahon ni Reyna Esther, ito ay si Mordecai at Esther laban sa hindi mabilang na mga mang-uusig sa mga Judio.

At sa Kalbaryo, nakita natin si Simon ng Cirene, ang centurion, at ang magnanakaw sa krus ay nakaharap sa isang walang habag, na galit na galit na nagkakagulong mga tao. Gayunpaman, sa bawat sandaling ito, ang mga nag-iisang numero ay naging tunay na mayorya.

Natutunan ko na ang mga numero ay nagpapakita lamang ng pagkakaroon ng isang sasakyang pandagat o barko sa karagatan. Ang mga bilang lamang ay hindi nagdadala ng mabigat na timbang kung wala ang presensya ng Diyos, ngunit kapag ang mga bilang na iyon ay pinagsama sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas, sila ay nakakakuha ng napakalaking kahalagahan. Ang isang tao plus ang Diyos ay katumbas ng karamihan.

Ang kinasihang salita ng Diyos ay nagsasabi: "Ang Diyos ay may mga anak, marami sa kanila, ay nasa mga iglesiang Protestante, at malaking bilang sa mga simbahang Katoliko, na mas totoo sa pagsunod sa liwanag at gumawa [sa] pinakamabuti ng kanilang kaalaman kaysa sa malaking bilang sa mga nangingilin ng Sabbath na mga Adventista na hindi lumalakad sa liwanag."⁴

Si Elias ay isang napakahusay na sekretarya. Itinatala niya ang isang kaanib bilang paglago sa istatistikal na ulat. Pero yun ay ang panloob na ulat sa istatistika. Ang kasaysayan ay itinuturo sa atin na subaybayan pati narin ang isang panlabas na ulat sa istatistika. Ang Diyos ang kalihim ng panlabas na ulat sa istatistika. Si Elias ang kalihim ng panloob na ulat sa istatistika. Sa panloob ang iglesia ay may isang kaanib; sa panlabas ang iglesia ay may 7,000 na kaanib.

Ang panloob na sekretarya, na si Elias, ay talagang nagulat sa ulat ng makalangit na kalihim na iniulat ang 7,000 na iyon. Ang problema ni Elias ay hindi lamang ang punto ng numero, kundi marahil ang mas mahalaga bakit hindi ipinahayag ng Diyos ang misteryong ito sa kaniya bilang isang propeta. Kaya sa gayon, makikita natin na maging ang mga propeta ay hindi mauunawaan ang kalooban ng Diyos at ang kabilang bahagi ng barya maliban kung ipapahayag ito ng Diyos sa kanila.

Ngayon, madalas tayong nakakagawa ng parehong pagkakamali tulad ng nagawa ni propeta Elias. Matapat akong naniniwala na ang Reform Movement ay kumakatawan sa propeta Elias. At sa kadahilanang ito, sa tingin ko maaari nating maisip na tayo na lang ang natitira sa sanlibutang ito at, kagaya ng naisip ni Elias, na mga tao na tanging matapat sa Panginoon.

Subali't mayroon tayong iba pang mga kapatid na lalaki at babae na hindi pa napapasama sa bilang at magiging nakakamangha kapag makikita natin sila na nagmumula sa lahat ng sulok ng sanlibutan na sumasama sa katotohanang niyayakap ng Reform Movement.

Sa panahong iyon ang gawain ng Diyos ay tapos na sa ilalim ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, maaaring ang ilan sa atin wala na. Ang mensahe ay maaaring maghihiwalay at magtutuwid ng daan ng mga tao ayon sa kung ano ang nasa kanilang mga puso. Ang ilan na may maluwa na pag-uugali ay yayakapin ang sanlibutan nang buong bilis; ang iba na nahuhubog ng isang malamig, orthodox na legalismo ay mapupunta sa panatisismo (labis na mahigpit na paniniwala). Tanging ang mga nakatuon kay Kristo ang mapapanatili ang espirituwal na balanse at susunod sa tamang huwaran ng sakdal na balanse ni Kristo ng katuwiran at awa.

Dalawang magkasalungat na agenda

May isang uri na nagkaroon ng kaalaman ng katotohanan ngunit hindi napabanal nito. Sa modernong wika, tinatawag natin itong "liberalismo", ibig sabihin, kalayaang magpakabuyo sa kasalanan.

"Habang papalapit ang bagyo, ang isang malaking grupo na nagpapahayag ng pananampalataya sa mensahe ng ikatlong anghel, ngunit hindi nababanal sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan, ay tatalikuran ang kanilang posisyon at sasama sa hanay ng oposisyon. Sa pakikipagkaisa sa sanlibutan at pakikibahagi ng espiritu nito, sila ay may pananaw sa mga bagay sa parehong liwanag, at kapag dumating ang pagsubok, sila ay handang piliin ang madali, tanyag na panig. Ang mga taong may talento at magaling sa pananalita, na minsang nagalak sa katotohanan, ay gagamitin ang kanilang mga kakayahan upang manlinlang at iligaw ng mga kaluluwa. Sila ang magiging pinakamapait na kaaway ng kanilang dating mga kapatid."⁵

Ang liberalismo ay nagdadala ng mga progresibong kaisipan sa pananaw, kaya itinutulak ang arka sa kaliwa. Sa sa kabilang banda, ang konserbatibong mga kaisipan, na kilala bilang mga legalista, ay itinutulak ang arka sa kanan. Sa alinmang paraan ay pagkawasak. "Kung si Satanas ay hindi kayang panatilihin nakagapos ang mga kaluluwa sa nagyeyelong kawalan ng interes, susubukan niyang itulak sila sa apoy ng panatisismo (labis na mahigpit na paniniwala)."⁶

Ang nalabing bayan ng Diyos ay hindi makikinig sa mga baluktot na liberal na pananaw ni sa mga walang Kristo, malamig na interpretasyon ng Kanyang kalooban na ipinapahayag ng mga legalista. Sa halip, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, tayo ay "huwag liliko sa kanan o sa kaliwa man: ihiwalay mo ang iyong paa sa kasamaan" (Kawikaan 4:27).

Ang nalalabing bayan ng Diyos, ang mga iniligat, ay gagamitin bilang mga sisidlan ng Diyos, mga tagapagdala ng banal langis (ang Banal na Espiritu), bilang bahagi ng dakilang gawaing iyon na ibahagi ang panghuling mensahe sa sangkatauhan bago ang katapusan ng mga iyon sa ilang segundo na tatapos

ng kasaysayan ng tao.

Mga aral na dapat matutunan

Isa pang hindi pa natatagalang pandaigdigang krisis ang nagturo sa atin ng isang bagay bilang isang iglesia. Naramdaman natin ang walang kamalayang pagkakahati ng opinyon. Ito ay isang banayad lamang na alon, ngunit nagdulot ito ng kaguluhan sa ilang mga dako-isipin na lang kapag darating ang sunod na alon. Magiging magkaibigan pa ba tayo—o ang ilan ay babalik sa parehong pag-uugali tulad ng mga panahon ng pandaigdigang krisis?

Mukhang hindi na natin nararanasan ang kahirapan; hindi na rin natin nararanasan ang tunay na pag-uusig. Sa paglipas ng mga taon napansin ko na maaari tayong magkaroon ng hilig para sa maseselang mga paksa na nauuwi sa matataas na teolohikong pakikipagtalo, habang nawawala sa ating paningin ang mga mahahalagang kaluluwang iyon na ating iniisip na walang pag-asa. Samantala, Si Jesus ay tinitingnan sila bilang ang mismong layunin ng kanyang pag-ibig.

Hindi tayo maaaring makipaglaban sa panahon. Habang mas matagal tayong nananatili sa lupa, mas kakaunting pagka-akit sa langit ang maipapakita natin. Habang nananatili tayo ng matagal dito, lalo tayong nagpapanggap na kabilang. Habang ang bayan ng Hudyo ay nagpapanggap ng kanilang pagkakaugnay sa Amang si Abraham, maaari rin tayong humingi ng pagkaka-ugnay sa 1914 pioneers ng repormasyon nang hindi nagkakaroon ng kanilang personal na karanasan. Sabi ng isang matalinong kawikaan, "ang higit na pag-aangkin ay nagpapakita ng kakulangan natin."

Nakakalungkot, "ang mga naninirahan sa sanlibutan karamihan ay ibinibigay ang kanilang sarili sa kontrol ni Satanas. Gumaganap siya bilang diyos ng sanlibutang ito. Ang mga tao, na ganap na nahihilig sa kasamaan, ay nakikipagtulungan kasama niya sa kanyang mga pakana, tinutulungan siya na isagawa ang kanyang mga plano laban sa gobyerno ng Diyos."⁷

Ang layunin ng nakakakilabot na rebelde ay palaging ipagtanggol ang kanyang sarili at subukang patunayan na ang banal na pamahalaan ang may pananagutan sa kanyang paghihimagsik, na humantong sa napakaraming tao na tanggapin ang kanyang salaysay ng tungkol sa matinding tunggalian na tumagal nang napakatagal. Sa loob ng libu-libong taon, ang traidor na ito ay nagsulong ng mga kasinungalingan sa halip ng katotohanan. Nabasa na nating lahat ang The Great Controversy, ngunit walang pananalangin para sa pangpahid sa mata ng Banal na Espiritu, "ang ibang bersyon" ay aakayin ang bumabasa nang ganap na kasalungat na konklusyon.

Sa pagbabalik-tanaw sa ika-100 na taon ng mga naisakatuparan at mga kabiguan, mapapansin natin na tayo ay nagkaroon ng mga tagumpay at kabiguan bilang isang tao. Kung meron mang mga tagumpay, ang mga ito ay sa Diyos. Sa totoo lang, marami tayong dapat matututunan kapwa mula sa parehong tagumpay at mga kabiguan.

Para sa ating pagsasaalang-alang

Kung titingnan natin ang mga alagad at ang kanilang nakaraan, karamihan sa kanila ay hindi magiging karapat-dapat na maging ating mga kasamahan sa

*Natutunan ko na ang mga
numero ay nagpapakita
lamang ng pagkakaroon ng
isang sasakyang pangdagat o
isang barko sa karagatan. Ang
isang tao plus ang Diyos ay
katumbas ng karamihan.*



ngayon. Si Mateo ay publikano, si Pedro ay isang taong nahuhumaling na mangmang, si Juan ay may pabugsu-bugsong ugali, si Thomas ay may pag-aalinlangan, si Judas ay matalino na may tusong karunungan—at ang listahan ay maaaring magpatuloy.

Kung titingnan natin sa Lumang Tipan, si Moises ay hindi kuwalipikadong maging isa sa ating mga kasamahan dahil pinatay niya ang isang Ehipsiyo nang walang pahintulot ng Diyos.

Ano ang masasabi natin tungkol sa kapatid niyang si Aaron na pinagkatiwalaan ng mga gawaing pangministeryo ng iglesia—lalo na pagkatapos na akayin ang mga tao sa pag-apostasya sa pamamagitan ng pagtunaw ng ginto at pag-anyaya sa mga tao na sumamba sa gintong guya?

Ano ang masasabi natin tungkol kay Elias, na hindi magiging karapat-dapat nating maging kasamahan dahil sa pagiging-duwag sa layunin ng Diyos, na tumakas mula kay Jezebel?

Sa Bagong Tipan, mayroon tayong pag-uulit ng parehong mga dakilang bayani: si Juan Bautista, na matapos ipangaral ang kaharian ng Diyos ay nagpahayag sa bilanguan “Ikaw бага yaong paririto, o hihintayin namin ang iba?” (Lucas 7:19).

Si Pedro, na pagkatapos ng kanyang labis na pagpapanggap, ay itinanggi si Kristo sa pinakanakakilabot na paraan, o marahil si Saul ng Tarsis na umuusig sa iglesia. Lahat ng mga ito ay hindi karapat-dapat na maging ating mga kasamahan.

Kaya, mahal na mga kapatid, ating tularan ang halimbawa ni Jesus, inihahanda ang ating sarili kasama ng isang pangkat ng kabataan na tatanggap ng dobleng bahagi ng Banal na Espiritu upang wakasan ang paghihirap at pagdurusa ng sanlibutang walang pagkadama ng pangangasiwa.

Sa pagbabalik-tanaw sa nakaraan o sa hinaharap, malinaw nating makikita kung bakit pa tayo naririto: Ang isang daang taon ng mga aral na natutunan ng ilan, subali’t hindi pinapansin ng iba—ngunit narito pa rin tayo.

Kung ito man ay isang sandali upang ipagdiwang o upang maghilom ang ating mga sugat, bahala na ang magbabasa.

Tayong lahat ay magsumamo sa Panginoong Hesukristo para sa kaligtasan ng ating mga anak at kabataan, para sa kaligtasan ng ating mga ministro at kaanib, at para sa kinakailangang pagkakaisa kay Kristo na magdudulot ng pagbubuhos ng Banal na Espiritu. Huli na ang oras—at maliban kung tayo ay tunay na maging kung anoman ang ating ipinapahayag, ay hindi natin kailanman matutupad ang ating mga ipinapahayag. Kung lalo tayong magmamalaki, mas lalong kakulangan ang nakikita sa atin; kung mas kaunti ang ating inaangkin, mas lalo Siyang

nakikita sa atin. Nawa ang ating Panginoon Diyos ay tulungan tayo na tanggapin ang katunayan ng Tunay na Saksi at iligtas tayo mula sa ilusyon ng ating sariling katuwiran.

Magkakaroon ng tatlong hindi iaasahang kaganapan sa Langit:

“May isang Kristiano ang nagsabi kapag dumating na siya langit ay inaasahan niyang makita ang tatlong mga dahilan ng pagkamangha. Siya ay mamamangha kung matatagpuan niya ang ilan na hindi niya inaasahang makita doon. Siya ay mamamangha na makita ang ilang hindi niya inaasahang makaharap, at, sa huli, siya ay lalong mamamangha kung makikita niya ang lubos na hindi karapat-dapat na makasalanang gaya ng kanyang sarili sa Paraiso ng Diyos.”⁸

Huwag nating kalilimutan na tayo ay tinawagan ng Diyos sa isang pananampalataya na higit pa sa anyo at mga bilang—isang pananampalataya na may katangian at lalim na tunay na sumasalamin sa katangian ni Kristo. Ang ating misyon ay hindi upang makita bilang isang makapangyarihang mga tao sa mata ng sanlibutan, kundi tulad ng mga taong, kahit sa pagiging simple at kababaang-loob, ay sumisinag ang liwanag ng Tagapagligtas.

Tulad ng mga henerasyong nauna sa atin na naharap sa napakatinding mga hamon, tayo rin, ay tinatawagan na manatiling matapat sa panahon ng kahirapan, umasa sa kalakasan na tanging Diyos lamang ang makapagbibigay.

At habang hinihintay natin ang pagbabalik ng ating Panginoon, nawa ang ating pananalangin ay patuloy: “Panginoon, tulungan mo kaming maipakita ang Iyong katangian sa bawat salita, sa bawat pagkilos, upang ang sanlibutan ay makakita sa atin ng pag-asa na hindi maglalaho.”

Malalim na ang gabi, at ang sanlibutan ay kinakailangan ang liwanag na ibinigay ni Kristo sa atin. Nawa’y maging ganoon tayo kaliwanag. Nawa’y gumawa tayo ng pagbabago!

Mga Reperensya:

1 <https://thirdwaycafe.com/prepare-for-peace/living-peace/pacifism/> [Emphasis added.]

2 *The Desire of Ages*, p. 773.

3 *Christ’s Object Lessons*, p. 69.

4 *Selected Messages*, bk. 3, p. 386. [Emphasis added.]

5 *The Great Controversy*, p. 608. [Emphasis added.]

6 *Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 644.

7 *Letters and Manuscripts*, vol. 16 (1901), Lt. 153, 1901.

8 *The Faith I Live By*, p. 370.

6 Kalakasan sa Pagkakaisa

Sabbath, Hulyo 19, 2025

by Eli Tenorio da Silva

Sa buong Bibliya, ang mga mananampalataya ay hinihikayat na magkaisa. Sinabi ng salmista: "...Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!" Awit 133:1.

At si Jesus ay nanalangin para sa Kanyang mga alagad:

"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo" (Juan 17:21).

Ang pagkakaisa ng mga mananampalataya ay isa sa pinakamakapangyarihang patotoo para sa katotohanan ng ebanghelyo. Ipinapakita nito ang katangian ng Diyos, inaakit ang mga matapat na kaluluwa kay Kristo, at pinatutunayan sa sanlibutan ang nagpapabagong kapangyarihan ng Kanyang biyaya.

Sa isang lumalagong pagkakabaha-bahagi ng sanlibutan na puno ng mga digmaan, kawalan ng pagdamay, paghihiwalay ng mga mag-asawa at makasariling pagpapalayo ng damdamin, ang pagkakaisa ng bayan ng Diyos ay nagsisilbing tanglaw ng pag-asa at isang patotoo ng kapangyarihang nagmumula sa banal na pag-ibig. Maraming matapat na mga kaluluwa na naghahanap ng isang mas mabuting bagay kaysa sa kung ano ang magagawa ng matandang sanlibutang ito, ay makukumbinsi sa katotohanan ng mensahe ng Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig at pagkakaisa ng Kanyang mga tagasunod at gagawing matagumpay ang iglesia sa kanyang atas na ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo.

"Ang sekreto ng ating tagumpay sa gawain ng Diyos ay matatagpuan sa napakaayos na paggawa ng ating bayan."1

Ang pagkakaisa sa mga anak ng Diyos ay hindi nakikita bilang isang mungkahi, kundi bilang isang prinsipyong itinatag ng Diyos: "Ang aking mga kapatid ay nalalaman ng mabuti na ang salita ng Diyos ay nagpapahayag ng mga paksa tungkol sa pagkakaisa ng iglesia bilang isang prinsipyo; yaong mga nakikipagkaisa kay Kristo sa pamamagitan ng katotohanan na nagmula sa langit ay dapat na may matibay na pakikipagkaibigan para sa isa't isa."2

Ang pagkakasundo na ito, gayunpaman, ay hindi lamang pang-organisasyon o paimbabaw. Ito ay isang malalim, may espirituwal na kaugnayan na nagmumula sa pananatili kay Kristo at pagpapakita ng Kanyang katangian. Tayo kung gayon ay magsaliksik sa Bibliya at Espiritu ng Hulang pananaw tungkol sa kalakasan na makikita sa pagkakaisa, ng mga hadlang tungo sa pagkakaisa, at kung paano natin ito malililang sa mapanganib na mga panahong ito.

Ang panawagan sa Bibliya ng pagkakaisa

Ang panalangin ni Hesus sa Juan 17:20–23 para sa pagkakaisa ng mga mananampalataya ay isa sa pinaka-malalim na panalangin ni Hesus. At ang panalangin ito, na ipinahayag bago ang Kaniyang pagkapako sa krus, ay hindi lamang para sa Kanyang mga alagad kundi para sa lahat na nananampalataya sa Kanya sa pamamagitan ng kanilang patotoo, kabilang ang bawat isa sa atin ngayon:

“... upang sila’y malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan na ikaw ang sa akin ay nagsugo, at sila’y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo” (Juan 17:23).

Ang panalangin ito ay nagpapakita ng pagnanais ni Kristo para sa Kanyang mga tagasunod na magkaisa sa layunin, sa misyon, at pag-ibig. Ang gayong pagkakaisa ay sumasalamin sa pagkakaisa na umiiral sa pagitan ng Ama at ng Anak. Ang pagkakaisang ito ay patotoo sa sanlibutan na ang ebanghelyo ay totoo at may kapangyarihang baguhin ang buhay.

Si apostol Pablo ay pinagtitiyag ang panawagan ito ng pagkakaisa sa kaniyang mga sulat. Sa pagsulat sa mga taga-Efeso, siya ay nagpapayo sa iglesia na “na pagsakitan ninyong ingatan ang pakikipagkaisa sa Espiritu sa bigkis ng kapayapaan. May isang katawan, at isang Espiritu, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo; Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo, Isang Dios at Ama ng lahat, na siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat” (Efeso 4:3–6).

Ang pagbibigay-diin ni Pablo sa “isa” ay nagtatampok sa pagkakaugnay ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang ibinahaging pananampalataya kay Kristo. Ang pagkakaisa ay hindi sapilitan; ito ay may pundasyon sa pagkakakilanlan at misyon ng Reform Movement at sa pagpapaunlad ng katangian ng bawat isa sa atin bilang mga kaanib ng katawan ni Kristo.

“Ang pagiging ganap ng Kristiyanong katangian ay natatamo kapag ang udyok na tumulong at pagpalain ang iba ay patuloy na nagmumula sa kalooban. Ang impluwensya ng pag-ibig na ito ang pumapalibot sa kaluluwa ng mananampalataya na ginagawa siyang samyo ng buhay tungo sa ikabubuhay at nagbibigay-daan sa Diyos na pagpalain ang kanyang gawain.”³

Ang pagkakaisa na nagmumula sa isang pusong binago ni Kristo, ay nagsisikap na pagpalain at pasiglahin ang iba kaysa paglingkuran ang sarili.

Pagkakaisa bilang patotoo sa sanlibutan

Isa sa mga pinaka-nakakapang-akit na aspeto ng pagkakaisa ng Kristiyano ay ang kakayahang magpatotoo sa sanlibutan. Si Hesus ay iniuugnay ang pagkakaisa ng mga mananampalataya nang direkta sa kredibilidad ng Kanyang misyon:

“Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pagibig sa isa’t isa” (Juan 13:35).

Kapag ang mga mananampalataya ay nagpapakita ng tunay na pag-ibig, pagtitiis, at pagpapakumbaba sa isa’t isa, ito ay tumatayo bilang isang hindi maikakaila na katibayan ng kapangyarihan ng ebanghelyo. Ang atensyon ng mga naninirahan sa sanlibutang ito na kapansi-pansing may pagkakabaha-bahagi at tunggalian, ay naaakit sa pagkakaisa at kapayapaang nailalarawan ng bayan ng Diyos.

Ang sinaunang iglesia ay inilarawan ang prinsipyong ito. Sa Mga Gawa 2:42–47 ay inilarawan ang mga

mananampalataya bilang “isang matibay sa pagkakaisa,” nagbabahagi ng mga pagkain at kayamanan nang may kagalakan at katapatan ng puso. Ang kanilang pagkakaisa at ang pag-ibig sa isa’t isa ay hindi lamang nagpatibay sa kanilang pananampalataya kundi umakit din sa iba tungo kay Kristo. Bilang resulta, “idinagdag sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas” (Mga Gawa 2:47).

Ang Espiritu ng Hula ay nagpahayag ng opinyon tungkol sa pagkakaisang ito na nagsasabi na: “Ito ay kalooban ng Diyos na ang pagkakaisa at pag-ibig sa magkakapatid ay dapat umiral sa Kanyang bayan.”⁴ Sa ganitong paraan lamang maaaring ang iglesia ay maging isang buhay, aktibong ahensya upang magpalaganap ng liwanag sa sanlibutan.

Ang tunay na pagkakaisa ay may pang-ebanghelyong kapangyarihan na hindi maaaring ipahayag ng labis. Ito ay isang buhay na pagpapatunay ng ebanghelyo; ito ay isang sermon na mas maliwanag pa kaysa sa mga pananalita.

Ang mga hadlang sa pagkakaisa

Sa kabila ng kahalagahan nito, ang pagkakaisa ay kadalasang nahahadlangan ng mga kahinaan at pagkakamali ng tao. Ang pagmamataas, pagkamakasari, maling palagay, at ang kakulangan ng pagpapatunay ay napakabigat na hadlang. Si Ellen White ay nagbabala:

“Ang sanhi ng pagkakabaha-bahagi at hindi pagkakasundo sa mga pamilya at sa iglesia ay ang paghiwalay kay Kristo.”⁵

Kapag ang mga mananampalataya ay naalis ang paningin kay Kristo at nakatuon sa sarili, ang pagkakawatak-watak ay susunod bilang isang hindi maiiwasang resulta. Ang kaaway ng mga kaluluwa ay nalulugod sa paghahasik ng pagtatalo, na nalalaman na ang pagkakabaha-bahagi ay nagpapahina sa pagpapatotoo ng iglesia.

Pagninilay-nilay at Paglililwanag

Bilang isang samahan ay nangangailangan ng pagkilos
Tayo ay maghahandang tanggapin
Ang Banal na Espiritu na may praktikal na pagkilos:



Sa pagtatapos ng linggong ito, bakit hindi maghanap ng paraan na maaari mong masiglang maitutulong sa misyon ng iyong lokal na iglesia?
Kahit na sa paraan ng pagpupunas ng mga mesa pagkatapos ng pananghalian o sa pagtagot sa tanong sa panahon ng Sabbath School.
Tayo ay maaaring makatulong sa pagkakaisa sa pamamagitan ng pakikilahok.

Si apostol Pablo ay tinugunan ang mga hamong ito sa kanyang mga sulat sa mga unang iglesia. Ang iglesia sa Corinto, halimbawa, ay nakikibaka sa mga hindi pagkakasundo dahil sa pamumuno at mga espirituwal na kaloob. Si Pablo ay pinayuhan sila:

“Ngayo’y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi; kundi kayo’y mangalubos sa isa lamang pagiisip at isa lamang paghatol” (1Corinto 1:10).

Ang mapagtagumpayan ang mga hadlang sa pagkakaisa ay nangangailangan ng determinadong pagsisikap, pagpapakumbaba, at kagustuhang unahin ang misyon ni Kristo kaysa sa personal na mga kagustuhan.

Ang susi sa pagkakaisa: Manatili kay Kristo

Ang tunay na pagkakaisa sa mga mananampalataya ay imposible kung walang malalim na kaugnayan kay Kristo. Sinabi ni Jesus:

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa” (Juan 15:5).

Kapag ang mga mananampalataya ay nananatili kay Kristo, sila ay nababago ayon sa Kanyang wangis. Dinadala nila ang bunga ng Espiritu—pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitii, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galacia 5:22- 23)—na nagtataguyod ng pagkakaisa. Ang pakikipagkaisa kay Kristo ay kinakailangan upang ito ay mangyari. Kung tayo ay nasa pakikipagkaisa sa Diyos, tayo ay magiging mga daluyan kung saan ang Kanyang pag-ibig ay dadaloy sa iba pa.

Habang ang mga mananampalataya ay nararanasan ang pag-ibig ng Diyos, sila ay binibigyang kapangyarihan na ibigin at paglingkuran ang iba. Ang walang pag-iimbot na pag-ibig na ito ay ang pandikit na nagbubuklod sa iglesia ng sama-sama.

Ang payo ni Pablo sa Filipos 2:2-4 ay nagbibigay praktikal na mga hakbang para sa pagpapalago ng pagkakaisa:

“Lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo’y mangagkaisa sa pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pagiisip;

Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa’t isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili;

Huwag tingnan ng bawa’t isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa’t isa naman ay sa iba’t iba.”

Ang pagkakaisa ay nangangailangan ng pagpapakumbaba, pagiging hindi makasarili, at kagustuhang maglingkod. Ang mga katangiang ito ay

nililinan sa pamamagitan ng araw-araw na pakikipag-ugnayan kay Kristo at ng pananahan ng Banal na Espiritu.

“Magsikap nang may katapatan para sa pagkakaisa. Ipanalangin ito, kumilos para dito. Ito ay magdadala ng espirituwal na kalusugan, maayos na kaisipan, marangal na pag-uugali, makalangit na kaisipan, na nagbibigay-daan sa iyo upang mapagtagumpayan ang pagkamakasariili at masasamang palagay, at maging lalo pang mananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa iyo at ibinigay ang Kanyang sarili para sa iyo. Ipako ang sarili sa krus; pahalagahan ang iba kaysa sa inyong sarili. Sa gayon kayo ay dadalhin sa pakikipagkaisa kay Kristo. Sa harapan ng makalangit na sansinukob, at sa harapan ng iglesia at ng sanlibutan, kayo ay magdadala ng hindi mapag-aalinlanganang katibayan na kayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Ang Diyos ay maluluwalhati sa mga halimbawang ipinapakita ninyo.”⁶

Pagkakaisa sa mga huling araw

Habang papalapit na ang katapusan ng panahon, ang pagkakaisa ng bayan ng Diyos ay magiging mas mapanganib:

“Ang pakikipagkaisa kay Kristo at sa isa’t isa ang tanging kasiguruhan natin sa mga huling araw na ito.”⁷ Ang mga hamon at pagsalungat na ating haharapin bilang mga mananampalataya sa mga huling araw ay hihingi nang mas lalong pagkakaisa. Ang mga pagkakabahabahagi sa loob ng iglesia ay nagpapahina ng kakayahang makapanindigan laban sa mga puwersa ng kasamaan. Ang pagkakaisa sa loob ng iglesia ay gagawing isang hindi mapigilang puwersa para sa kabutihan sa pagpapahayag ng walang hanggang ebanghelyo na may kapangyarihan. Ang gayong pagkakaisa ay nag-uudyok sa mga mananampalataya na ipakita sa sanlibutan na iniibig nila ang Diyos at handang sumunod sa Kanya kahit na sa ilalim ng pinakamatinding mga pangyayari na darating sa iglesia.

Sa Pahayag 14:6-12 ay inilalarawan ang misyon ng nalabing iglesia sa mga huling araw: na ipahayag ang mensahe ng tatlong anghel sa bawat bansa, angkan, at wika, at bayan. Itong pang-buong mundong misyon ay nangangailangan ng sama-samang pagsisikap ng lahat ng mananampalataya, na nagkakaisa sa layunin at pagkilos.

Ang sanlibutan ay nakatingin nang may matinding pagnanais na makita kung ano magiging bunga ng iyong pananampalataya at ng aking pananampalataya, at ang pag-ibig natin sa isa’t isa ay magiging isang pagpapaliwanag para sa katotohanang walang sinuman ang maaaring magpabulaan. At ang Diyos ay nananawagan para sa isang nagkakaisang iglesia, na handa upang labanan ang Kanyang mga laban at pagtiisan ang mga pagsubok na ating kakaharapin sa mga huling araw na ito.

Maliban sa ating paghahanda para sa mga huling kaganapan na darating sa iglesia, ang pagkakaisang ito ay magiging pinakadakilang katibayan din sa sanlibutan ng pagiging totoo ng ating mensahe at ng pag-ibig ni Kristo na nagbubuklod sa atin.

Ang mga iglesia ay hindi ligtas sa mga hindi pagkakaunawaan. Kapag lumilitaw ang mga punto na maaaring pagtatalunan, tugunan ang mga ito kaagad na may katalinuhan. Gamitin ang biblikal na pamamaraan para sa paglutas ng pinagtatalunan.



Mga praktikal na hakbang upang pagyamanin ang pagkakaisa sa loob ng iglesia

Ang pagkakaisa ay isang pundasyon ng isang maunlad at malusog sa espirituwal na iglesia. Sa isang mundo na kapansin-pansin ang hindi pagkakasundo at pagkakanya-kanya, ang iglesia ay tinawagan upang maging isang tanglaw ng pag-ibig, pagkakaisa, at pagtutulungan. Ngunit sa pagpapaunlad ng pagkakaisa ay nangangailangan ng determinadong, biyaya, at praktikal na pagkilos. Sa ibaba ay ilang mahahalagang hakbang upang mabuo at mapanatili ang pagkakaisa sa loob ng isang samahan ng iglesia.

1. Pagtuonan ang nakasentro kay Kristo na pagpupulong

Ang pagkakaisa ay nagsisimula sa ibinahaging pundasyon kay Hesu-Kristo.

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa” (Juan 15:5, idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kapag ang mga mananampalataya ay inuuna ang kanilang relasyon sa Kristo, sila ay kusang lalago sa pagiging mas malapit sa isa’t isa. Hikayatin ang mga regular na pagkakataon para sa nakasentro kay Kristo na pagsasama-sama sa pamamagitan ng pag-aaral ng Bibliya, pagpupulong sa panalangin, at gawaing misyonero.

2. Linangin ang ugali ng pagpapakumbaba at pagpapatawad

Ang pagmamataas at hindi nalutas na mga pagtatalo ay mapanganib na banta sa pagkakaisa. Ang pinagmumulan ng karamihan sa mga hindi pagkakasundo sa iglesia ngayon ay ang problema ng pagiging makasarili— ang suliranin tungkol sa “kung ano ang gusto ko,” “kung ano ang kailangan ko,” at “ito ang opinyon ko.” Tayo ay magturo at maging huwaran ng pagpapakumbaba sa pamamagitan ng pag-uuna sa mga pangangailangan ng iba kaysa sa personal mga kagustuhan:

“Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pag-iisip, na ipalagay ng bawa’t isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; Huwag tingnan ng bawa’t isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa’t isa naman ay sa iba’t iba” (Filipos 2:3, 4).

Bilang karagdagan, kailangan nating itaguyod ang isang ugali ng pagpapatawad sa pamamagitan ng mabilis na pagtugon sa mga hinaing na may pag-iingat. Hikayatin

ang mga kaanib na pagsikapan ang pakikipagkasundo at magpatawad gaya ng pagpapatawad ng Panginoon kanila: “Mangagtiisan kayo sa isa’t isa, at mangagpatawaran kayo sa isa’t isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin” (Colosas 3:13).

3. Himukin ang bukas at matapat na pakikipag-usap

Ang hindi pagkakaunawaan ay maaaring mabilis lumaki kapag kulang ang pakikipag-usap. Gumawa ng paraan para sa bukas na pag-uusap kung saan ang mga kaanib ay nararamdaman na sila ay pinakikinggan at nirerespeto. Maaaring kabilang dito ang pagpupulong ng iglesia na may mga palitan ng tanong at pagsagot, maliliit na mga pag-uusap ng grupo, regular na mga pulong ukol sa gawain ng iglesia o lihim na pamamaraan ng pagtanggap ng puna.

“Na sila’y magsigawa ng mabuti, na sila’y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila’y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi” (1 Timoteo 6:18, idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang mga pinuno ay dapat magpakita ng halimbawa sa pamamagitan ng pagiging madaling malapitan at matapat sa kanilang pakikipag-usap.

4. Pahalagahan ang pagkakaiba-iba ng mga kaloob

Ang pagkakaisa ay hindi nangangahulugan ng pagkakaparepareho. Tunay na pinahalagahan ang pagkakaiba-iba ng mga kaloob, karanasan, at mga pananaw sa loob ng iglesia. Yakapin ang katotohanan sa 1 Corinto 12:12-14:

“Sapagka’t kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama’t marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo. Sapagka’t sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo’y Judio o Griego, maging mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu. Sapagka’t ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami.”

Ang talatang ito sa Bibliya ay nagpapaalala sa atin na ang katawan ni Kristo ay binubuo ng maraming iba’t ibang mga bahagi, bawat isa ay may natatanging tungkulin. Kaya, ang pagkakaisa ay hindi ibig sabihin na tayo ay magiging magkakapareho ng magugustuhang kulay o may parehong pananaw sa lahat ng bagay. Ang iglesia ay nangangailangan ng mga taong may opinyon at pananaw na iba sa sarili ko, subali’t naniniwala at sumasang-ayon pa rin sa doktrina, na mayroong parehong layunin ng paglilingkod sa Diyos at

akayin ang mga kaluluwa kay Kristo. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga at paggamit ng iba't-ibang kaloob, ang iglesia ay lalong lalakas at mas magiging matagumpay sa misyon nito.

5. Maglingkod nang sama-sama

Ang pinagtutulungang paglilingkod ay nagpapaunlad ng pagkadama ng layunin at pakikipagkaibigan. Ang pag-oorganisa ng mga pagkakataon para sa kongregasyon na maglingkod kapwa sa loob ng iglesia at sa mas malawak na komunidad ay nagtataguyod ng mga kapakinabangang ito. Kung ito man ay isang lokal na programang paglilingkod sa kapwa, misyon ng paglalakbay, o pagboluntaryo sa mga gawain ng iglesia, gumagawang nagtutulungan tungo sa iisang layunin ay nagpapatibay ng mga relasyon at nagpapalalim ng pagkakaisa.

“Sila’y tumutulung bawa’t isa sa kaniyang kapuwa; at bawa’t isa’y nagsasabi sa kaniyang kapatid, Tibayan mo ang iyong loob.

Sa gayo’y pinalalakas ang loob ng anluwagi ang panday-ginto, at ng pumapatag ng pamukpok ang pumupukpok ng palihan, na sinasabi tungkol sa paghinang, Mabuti, at kaniyang inilalapat ng mga pako, upang huwag makilos” (Isaias 41:6, 7).

Kung tayo ay maglilingkod nang sama-sama ating mapapasigla ang isa’t isa at mapapalakas ang ating pananampalataya.

6. Magpakita ng matibay na pamumuno

Ang mga pinuno ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng pagkakaisa: “At mangyayari, na kung paano ang bayan, gayon ang saserdote” (Oseas 4:9) Dapat nilang patuloy na isulong isang pananaw ng pagkakaisa, tugunan ang mga hindi pagkakaunawaan kaagad, at magpakita ng halimbawa ng kababaang-loob at pag-ibig. Ang mga pinuno ay dapat ding turuan ang iba upang mamuno, tinitiyak na walang nakadarama na siya ay hindi kasama sa pagbibigay ng sigla sa iglesia.

7. Manalangin para sa pagkakaisa

May kasabihan na nagsasaad na “ang mag-asawang nananalangin magkasama, ay mananatiling magkasama.” Iyon ay totoo rin para sa mga kaanib ng iglesia na sama-samang nananalangin para sa pagkakaisa.

Habang nagdarasal para sa pagkakaisa ay susundin natin ang halimbawa ni Hesus, na gaya nang nakita natin, ay nanalangin para sa pagkakaisa ng mga mananampalataya (Juan 17:21–23).

Ang panalangin ay napakahalaga sa pagpapanatili ng pagkakaisa. Himukin ang kongregasyon na manalangin para sa isa isa pa at para sa iglesia sa kabuuan. Ang sama-samang panalangin na nakatuon sa pagkakaisa ay maaaring maging makapangyarihan, habang iniuugnay nila ang mga puso ng mga kaanib sa kalooban ng Diyos.

8. Magturo ng mga prinsipyo ng pagkakaisa na ayon

sa Biblia

Dapat tayong manindigan sa mga prinsipyo ng Bibliya at maging handang mamatay, kung kinakailangan, maging matapat sa Diyos. Sa parehong pagkakataon, kinakailangan nating maging handang magpasakop sa kagustuhan o opinyon ng iba kung ito ay hindi naman tungkol sa mga prinsipyo. (Kinakailangan nating alisan ng laman ang puso ng pagkamakasariili.)

Magturo palagi ng tungkol sa kung ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa pagkakaisa, pag-ibig, at sa mga tao. Ang mga pangaral, pagsasanay, at pag-aaral sa Bibliya ay maaaring magbigay ng teolohikong pundasyon na kinakailangan upang maunawaan bakit mahalaga ang pagkakaisa at kung paano ito maipapakita sa praktikal na pamumuhay, batay sa Salita ng Diyos.

9. Tugunan ang mga puntong hindi napagkakasunduan ng may katalinuhan

Ang mga iglesia ay hindi ligtas sa hindi pagkakaunawaan. Kapag lumilitaw ang mga puntong hindi napagkakasunduan, tugunan ang mga ito kaagad na may katalinuhan. Gamitin ang biblikal na pamamaraan para sa paglutas ng pinagtatalunan, gaya ng mga prinsipyong nakabalangkas sa Mateo 18:15–17:

“At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. Datapuwa’t kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa’t salita. At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis.”

Paano natin dapat pakitunguhan ang isang pagano o isang publikano kapag sila ay bumibisita sa ating simbahan? Panatilihin natin ang parehong espiritu ng biyaya at kabaitan sa mga kasama natin na nagkakamali, at maghanap tayo ng mga solusyon na magpaparangal kay Kristo at sa pagkakaisa ng Kanyang katawan.

10. Hikayatin ang mga pakikipagugnayan sa bawat henerasyon

Ang mga ugnayan sa pagitan ng magkakaibang salinlahi ay nagdadala ng kasaganaan sa iglesia. Simulan ang mga pagkakataon para sa pagtuturo, pinagtutulungang mga gawain, at pagpupulong na nagsisilbing tulay sa magkakaibang pananaw ng bawat mga henerasyon. Ang mga batang kaanib ay maaaring matuto mula sa kaalaman ng mga nakatatandang kaanib, habang mas nakatatandang mga kaanib ay maaaring mapasigla ng kasigasigan at bagong pananaw ng nakababatang henerasyon.

Nais ng Diyos na ang iba’t ibang henerasyon na taglay ang kani-kanilang natatanging kasigasigan, kaalaman, at karanasan ay gumawa nang sama-sama:

“Kayo’y sinusulatan ko, mumunti kong mga anak, sapagka’t . . .

Kayo’y sinusulatan ko, mga ama, sapagka’t . . .

Kayo’y sinusulatan ko, mga binata, sapagka’t . . .”



(1 Juan 2:12-14).

Konklusyon

Ang isa kong kaibigan na malapit na sanang mawala ang kanyang pananampalataya pagkatapos na magkaroon ng ilang hindi pagkakaunawaan sa mga kapatid sa iglesia ay nagsabi sa akin: “Hindi ako naniniwala na ang mga tao ay umaalis sa Reform Movement dahil sa doktrina.” Ang kanyang kalagayan ay naghatid sa akin upang isipin kung gaano karaming kaluluwa ang nawalan ng pananampalataya—anuman ang kanilang sinasabi—sa katunayan ay dahil sa hindi pagkakaisa ng mga mananampalataya. Ang kawalan ng pagkakaisa ay maaaring wasakin ang isang iglesia; ang pagkakaisa ay ginagawang matagumpay ang isang iglesia sa pagsakatuparan ng kanyang tungkulin ng pag-akay sa mga kaluluwa kay Kristo.

Ang pagpapaunlad ng pagkakaisa sa iglesia ay hindi isang beses na pagsisikap kundi patuloy na pagsusumikap. Nangangailangan ito ng determinasyon, pagtitiis, at pagtitiwala sa Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng praktikal na mga hakbanging ito, ang mga iglesia ay maaaring gumawa ng isang impluwensya kung saan ang pag-ibig at pagkakasundo ay lumalago, na ginagawa silang isang makapangyarihang patotoo sa sanlibutan ng nagpapabagong ng biyaya ng Dios. Gaya ng ipinaaalaala sa atin ng Awit 133:1: “Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!”

Sa pamamagitan ng Kanyang salita, si Kristo ay nagsusumamo sa inyo at sa akin sa sandaling ito upang gumawa ng isang layunin sa ating puso, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na gawin ang lahat ng ating makakaya upang matupad ang Kanyang panalangin at tayo ay magkaisa bilang magkakapatid.

“Huwag magbulung-bulungan o maghanap ng pagkakamali. Sa pagtingin kay Hesus, ang larawan ni Kristo ay nauukit

sa kaluluwa at naipapakita sa espiritu, sa mga pananalita, sa tunay na pahlilingkod para sa ating kapwa tao. Ang kagalakan ni Kristo ay nasa ating mga puso, at magiging lubos ang ating kagalakan. Ito ang tunay na relihiyon. Tiyak nating matamo ito, at maging mabait, maging magalang, magkaroon ng pag-ibig sa kaluluwa—ang uri ng pag-ibig na iyon na dumadaloy at ipinahahayag sa mabubuting gawa, na isang ilaw upang magliwanag sa sanlibutan, at gagawing lubos ang ating kagalakan.”⁸

Kaya, mangyaring gawin ang mga salitang ito na sarili ninyo: Simula ngayon, sa biyaya ni Kristo ay hindi na ako magbubulung-bulong ni hahanap man ng kamalian sa aking mga kapatid. Ako ay magiging mabait na, magiging magalang, magkaroon ng pag-ibig sa aking kaluluwa at hindi na maninira ng kapuwa, magpapakalat ng kuwento o paninira kahit kanino. Ako ay makikipagkaisa at makikipagkasundo sa aking mga kapatid at hangga’t maaari ay magkaroon ng kapayapaan sa lahat ng tao (Roma 12:18). Sa pangalan ni Hesus, Amen.

Mga Reperensya:

- 1 *The Review and Herald*, December 2, 1890.
- 2 *The 1888 Ellen G. White Materials*, p. 1141.
- 3 *The Acts of the Apostles*, p. 551.
- 4 *Patriarchs and Prophets*, p. 520.
- 5 *The Adventist Home*, p. 179.
- 6 *Counsels to the Church*, p. 290.
- 7 *Testimonies for the Church*, vol. 8, p. 240.
- 8 *The Upward Look*, p. 268.

7 Nagtatagumpay, at Patuloy na Magtatagumpay

Linggo, Hulyo 20, 2025

by A. C. Sas

CENTENNIAL EDITION

Ang salitang “conquer” ay maaaring maraming iba’t ibang kahulugan. Ito ay maaaring mangahulugan na daigin, sakupin, supilin, pagtagumpayan, talunin, o makamit ang tagumpay.

Sa Bibliya makikita natin ang mga salitang, “nagtatagumpay, at upang magtagumpay,” isang beses lamang—sa Pahayag 6:2. Ito ay isinulat na tumutukoy sa nakasakay sa puting kabayo sa hula ng unang tatak, sa panahon ng unang iglesiang Kristiyano. Ang katangian ay isang angkop na paglalarawan ng buhay at gawain ng ang ating Panginoong Jesu-Kristo, na sa Kanyang ministeryo sa lupa ay, sa katunayan, ay nagtatagumpay, at patuloy sa pagtatagumpay.

Sa pakikipag-usap sa Kanyang mga alagad, si Jesus ay pinagtibay ang: “Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo’y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; Aking dinaig ang sanglibutan” (Juan 16:33) Sa Kanyang pang-araw-araw na ministeryo sa loob ng tatlo at kalahating taon sa lupa bilang Anak ng tao, ang ating Tagapagligtas ay laging nagtatagumpay. Halimbawa, pagkatapos mismo ng Kanyang bautismo Siya ay nagtamo ng tagumpay sa ilang noong Siya ay tinukso ni Satanas.

“Dumarating ang prinsipeng sanglibutan: at siya’y walang anoman sa akin,” Juan 14:30. Walang anuman sa Kanyang sarili ang tumugon sa katusuhan ni Satanas. Hindi siya pumayag na magkasala. Hindi man lang ni sa pag-iisip Siya ay sumuko sa tukso. . . .

“At kung paano ito naisasakatuparan, ay ipinakita sa atin ni Kristo. Sa paanong paraan Siya nagtagumpay sa pakikipaglaban kay Satanas? Sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Tanging sa pamamagitan lamang ng salita maaari Niyang labanan ang tukso. ‘Ito ay nakasulat,’ Sinabi niya.”¹

Sa panahon ng Kanyang buong ministeryo sa lupa, si Kristo ay “nagtatagumpay,” ngunit ang Kanyang huling tagumpay ay nakuha nang sabihin Niya ang mga salitang: “Naganap na” (Juan 19:30). Ang mga salitang, “Aking dinaig ang sanlibutan” ay literal na natupad nang matapos ng ating Tagapagligtas ang gawain ng pagtubos sa krus. Dinaig niya ang diablo at nagtagumpay sa sanlibutang inagaw sa pamamagitan ng panlilinlang, malupit na pag-agaw sa kamay nina Adan at Eba. Ngayon “Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa kaniyang Cristo” (Pahayag 11:15).

Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ang ating matagumpay na Panginoon ay nagpahayag: “Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay nabigay sa akin” (Mateo 28:18) Siya ay nangako na bibigyan ang Kanyang mga kinatawan sa lupa ng kapangyarihan para sa pagtatagumpay at upang magtagumpay. Sinabi niya: “At samantalang kayo’y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na. Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad” (Mateo 10:7, 8).

Upang ang pangakong iyon ni Hesus ay matupad, ang mga mananampalataya ay dapat pagkalooban ng natatanging kapangyarihan mula sa Banal na Espiritu. Hindi nila dapat subukang gawin ang gawain ng Panginoon nang walang ganoong kapangyarihan. Kung wala ito ay hindi nila magagawang magtagumpay. Sila ay matiyagang nanatili sa Jerusalem sa loob ng sampung araw, naghihintay na tanggapin ang ipinangakong kapangyarihan. Sinabi ni Jesus: “At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa’t magsipangat kayo sa bayan, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas” (Lucas 24:49).

Natupad sa panahon ng Pentecostes

Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng isang salaysay ng isang espesyal na kaganapan:

“At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatiyon sa isang dako. At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. At sa kanila’y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa’t isa sa kanila. At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba’t ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain. May mga nagsisitahan nga sa Jerusalem na mga Judio, mga lalaking religioso, na buhat sa bawa’t bansa sa ilalim ng langit” (Mga Gawa 2:1-5).

Ang Espiritu ng Hula ay nagbibigay sa atin ng karagdagang impormasyon tungkol sa pangyayari pagkatapos na ang mga alagad ay napuspos ng Banal na Espiritu:

“Sa araw ng Pentecostes ay ang Espiritu ay ibinigay. Ang mga saksi ni Cristo ay ipinahayag ang

kapangyarihan ng muling nabuhay na Tagapagligtas. Ang liwanag ng langit ay tumagos sa nadidilimang mga isipan ng mga nalinlang ng mga kaaway ni Kristo. Sila ay nakita ngayon na Siya’y pinadakila ng Dios upang maging ‘Principe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan’ Gawa 5:31. Nakita nila Siya na napapalibutan ng kaluwalhatian ng langit, na may walang katapusang kayamanan sa Kanyang mga kamay upang ipagkaloob sa lahat ng tatalikod sa kanilang paghihimagsik. Habang ang mga apostol ay isinasayos ang kaluwalhatian ng Tanging Bugtong ng Ama, tatlong libong kaluluwa ang nahikayat. Sila ay ginawang makita ang kanilang mga sarili bilang kung ano ang kanilang kalagayan, makasalanan at marumi, at si Kristo bilang kanilang kaibigan at Manunubos. Si Kristo ay pinarangalan, si Kristo ay niluwalhati, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nananahan sa mga tao. Sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga mananampalatayang ito ay nakita Siya bilang Isa na nagdala ng kahihyan, pagdurusa, at kamatayan upang hindi sila mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ang paghahayag ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ay nagdala sa kanila ng isang pag-unawa ng Kanyang kapangyarihan at kadakilaan, at iniunat nila ang kanilang mga kamay sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, na nagsasabi, ‘Nananampalataya ako.’

“Pagkatapos ang masayang balita ng isang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay dinala hanggang sa kahuli-hulihang bahagi ng tinatahanang sanlibutan. Ang iglesia ay nakita ang mga nahikayat na dumagsa sa kaniya mula sa lahat ng panig. Ang mga mananampalataya ay muling nahikayat. Ang mga makasalanan ay nakipagkaisa sa mga Kristiyano upang masumpungan ang mahalagang perlas.”²

“Sa Araw ng Pentecostes ang Isang Walang-hanggan ay ipinahayag ang Kanyang sarili sa kapangyarihan ng iglesia. Sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu Siya ay bumaba mula sa kaitaasan ng langit bilang isang humahagibis, na malakas na hangin, patungo sa silid kung saan naroon ang mga nagtitipong mga alagad. Ito ay para bang mahabang panahon nang pinigilan ang impluwensyang ito, at ngayon ang langit ay nagagalak sa pagbuhos sa iglesia ng kayamanan ng kapangyarihan ng Espiritu. At, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu, ang mga pagpapahayag ng pagsisisi at pagtatapat ay hinaluan ng mga awit ng papuri para sa mga kasalananang pinatawad. Ang mga pagpapahayag ng pagpapasalamat at hula ay narinig. Ang buong langit ay yumuko upang pagmasdan at sambahin ang karununganang walang kapantay, hindi maunawaang Pag-ibig. Dahil sa pagkamangha, ang mga apostol at mga alagad ay bumulalas: ‘Narito ang pag-ibig.’ 1 Juan 4:10. Hinawakan nila ang ipinagkaloob na kaloob. At ano ang sumunod? Libu-libo ang

Mabuting balikan ang mga pagbasang ito at muling basahin ang mga bahagi na umantig sa ating mga puso sa unang pagkakataon. Pagnilayan natin ang mensaheng hatid ng Banal na Espiritu.

Pagninilay-nilay at Pagliliwanag

Bilang isang samahan ay nangangailangan ng pakikilos! Ipakita natin ang liwanag ni Kristo na may praktikal na pagkilos.



nahihikayat sa isang araw. Ang tabak ng Espiritu, na pinatalas ng kapangyarihan at ng mga kidlat ng langit, ay tumagos sa kawalan ng pananampalataya.”³

Pagkatapos ng Pentecostes

Ang pangako ng kapangyarihan upang magtagumpay ay hindi lamang ibinigay sa unang mga alagad. Ito ay ibinigay din sa mga tagasunod ni Hesus sa lahat ng mga panahon. Ito ay magagamit ng bawat tunay na nahikayat na tagasunod ni Kristo. Bagama’t ang kanilang gawain ay napupuluputan ng mga problema at kahirapan, sila ay hindi sumusuko. Sila ay sumulong patungo sa tagumpay. Sa gawaing ito ay hindi sila kumikilos nang nag-iisa. Sila ay tumatanggap ng tulong mula sa Kanya na nangakong kasama nilang palagi. “hanggang sa katapusan ng sanglibutan.” (Mateo 28:20).

Ang panulat ng Kinasihan ay nagsasabi sa atin ng mga kondisyon upang makamit ang tagumpay, upang magtagumpay:

“Ang mga manggagawa ng Diyos ay dapat magkaroon ng mas malalim na karanasan. Kung isusuko nila ang lahat sa Kaniya, Siya ay gagawa nang makapangyarihan para sa kanila. Sila ay magtataas ng watawat ng katotohanan sa mga kuta na dati ay hinahawakan ni Satanas, at sa mga sigaw ng tagumpay ay sasakupin sila. Dala nila ang mga pilat ng pakikipaglaban, subali’t darating sa kanila ang nakakaaliw na mensahe na sila ay gagabayan ng Panginoon, nagtatagumpay, at patuloy na magtatagumpay.”⁴

“Nais ng Panginoon sa Kanyang mga katiwala na isagawa ang kanilang mga tungkulin nang matapat sa Kanyang pangalan at sa Kanyang kalakasan. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang salita at pagganap ayon sa mga aral nito, sila ay nagtatagumpay, at patuloy na magtatagumpay.”⁵

Ang matinding pakikibaka

Sa matinding espirituwal na pakikibaka “laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadiliman ito sa sanlibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan” (Efeso 6:12), ang mga lingkod ng Diyos minsan ay nahaharap sa pagkatalo; sila ay hindi palaging mga mananagumpay. Subali’t ang tila pagkatalo ay magbubunga ng isang kahanga-hangang tagumpay. Nababasa natin:

“Sa pangitain ay nakita ko ang dalawang hukbo sa kakila-kilabot na tunggalian. Ang isang hukbo ay pinamunuan ng mga may dalang watawat na may simbolo ng sanlibutan; ang isa ay pinangunahan ng namantsahan ng dugo ng Prinsipe Emmanuel. Ang pamantayan laban sa pamantayan ay naiwan upang hilahin sa alikabok habang ang mga kasamahan kasunod ang iba pang mga kasamahan mula sa hukbo ng Panginoon ay sumama sa kalaban at ang mga angkan kasunod ang iba pang mga angkan mula sa hanay ng kalaban ay nakipagkaisa sa mga taong tumutupad sa utos ng Diyos. Isang anghel na lumilipad sa gitna ng kalangitan ay naglagay ng watawat ni Emmanuel sa maraming kamay, habang

ang isang makapangyarihang heneral ang sumigaw ng malakas na tinig: ‘Sumama sa hanay. Ang mga taong matapat sa mga utos ng Diyos at ng patotoo ni Kristo ngayon ay manindigan. Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, At huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, At kayo’y aking tatanggapin, At ako sa inyo’y magiging ama, At sa akin kayo’y magiging mga anak na lalake at babae. Lumapit ang nagnanais ng tulong ng Panginoon, upang tulungan ng Panginoon laban sa makapangyarihan.’

“Ang labanan ay sumiklab. Ang tagumpay ay salit-salitan mula sa magkabilang panig. Ngayon ang mga kawal ng krus ay nagbigay daan, ‘at magiging gaya ng kung nanglulupaypay ang may dala ng watawat.’ Isaias 10:18. Ngunit ang kanilang tila pag-urong ay upang makakuha ng maayos na posisyon. Ang hiyawan ng kagalakan ay naririnig. Ang awit ng papuri sa Diyos ay umalingawngaw, at ang tinig ng mga anghel ay nakiisa sa awitin, habang ang mga kawal ni Kristo ay itinataas ang Kaniyang watawat sa mga kuta ng mga muog na dati ay hawak ng kaaway. Ang Kapitan ng ating kaligtasan ang nag-uutos ng labanan at nagpapadala ng tulong sa Kanyang mga kawal. Ang kanyang kapangyarihan ay nahahayag nang makapangyarihan, nagbibigay ng kalakasan upang sila ay magpatuloy sa labanan hanggang sa mga tarangkahan. Tinuruan Niya sila ng kakila-kilabot na mga bagay sa katuwiran habang pinamunuan Niya sila sa sunod-sunod na paghakbang, sa pakikipaglaban at upang magtagumpay.

“Sa huli ay nakamit ang tagumpay. Ang hukbo na sumusunod sa watawat na may nakasulat,

‘Ang kautusan ng Diyos, at ang pananampalataya kay Hesus,’ ay maluwalhating nagtagumpay.”⁶

“Ang kalalabasan ng labanan ay hindi nakasalalay sa kalakasan ng mortal na tao. ‘Ang Panginoon ay lababas na parang makapangyarihang lalake; siya’y pupukaw ng paninibugho na parang lalaking mangdidigma: siya’y hihiyaw, oo, siya’y hihiyaw ng malakas; siya’y gagawang makapangyarihan laban sa kaniyang mga kaaway.’ Sa kapangyarihan Niya na nakasakay na nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay, ang mahina, may hangganang tao ay maaaring makamit ang tagumpay.”⁷

Sa ilalim ng Huling Ulan

“Ang Advent movement noong 1840–44 ay ang maluwalhating pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos; ang unang mensahe ay dinala sa bawat kampo ng misyonero sa sanlibutan, at sa bansang ito

nagkaroon ng pinakamalaking interes sa relihiyon kung saan ay nasaksihan sa alinmang lupain mula noong Repormasyon ng ikalabing-anim na siglo; subali’t ang mga ito ay mahihigitan ng makapangyarihang samahan sa ilalim ng malakas na sigaw ng ikatlong mensahe.

Ang gawain ay magiging katulad ng sa araw ng Pentecostes. Ang mga lingkod ng Diyos, na ang kanilang mga mukha ay nagliliwanag at sumisinag sa banal na pagtatalaga, ay magmamadaling maglakbay mula sa isang lugar tungo iba pang lugar upang ipahayag ang babala mula sa Langit. Sa pamamagitan ng libu-libong mga tinig, sa buong kalupaan, ang mensahe ay ibibigay. Ang mga himala ay isasagawa, ang mga maysakit ay pagagalingin, at ang mga tanda at himala

**“Ang kalalabasan ng labanan ay hindi nakasalalay sa ka-
lakasan ng mortal na tao . Sa kapangyarihan Niya na nakasakay na
nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay, ang mahina, may hangga-
nang tao ay maaaring makamit ang tagumpay.”**

ay sumusunod sa mga mananampalataya. Si Satanas ay gagawa din ng kahangahangang kasinungalingan, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao. Sa gayon ang mga naninirahan sa lupa ay dadalhin upang pumili ng kanilang paninindigan.”⁸

“Sa mga pangitain sa gabi, dumaan sa aking harapan ang mga paglalarawan ng isang dakilang repormasyong samahan sa gitna ng bayan ng Diyos. Marami ang nagpupuri sa Diyos. Ang may sakit ay pinagagaling, at ang iba pang mga himala ay isinasagawa. Ang espiritu ng pamamagitan ay nakita, gaya ng nahayag bago ang dakilang Araw ng Pentecostes. Daan-daan at libu-libo ang nakitang dumadalaw sa mga tahanan at binibuksan sa harapan nila ang salita ng Diyos. Ang mga puso ay nakukumbinsi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at ang isang espiritu ng tunay na pagkahikayat ay nahayag. Sa bawat panig ang mga pintuan ay binubuksan sa pagpapahayag ng katotohanan. Ang sanglibutan ay tila lumiliwanag sa makalangit na kapangyarihan. Dakilang mga pagpapala ang natatanggap ng tunay at mapagpakumbabang bayan ng Diyos. Nakarinig ako ng mga tinig ng pagpapasalamat at papuri, at tila may isang repormasyong gaya ng nasaksihan natin noong 1844.”⁹

“Nakasuot ng baluti ng katuwiran ni Kristo, ang iglesia ay papasok sa kanyang huling pakikipaglaban. ‘maganda na parang buwan, maliwanag na parang araw, kakilakilabot na parang hukbo na may mga watawat,’ siya ay pupunta sa buong sanglibutan, nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay.”¹⁰

“Narinig kong nagsalita ang mga nakasuot ng baluti na ipinahayag ang katotohanan nang may dakilang kapangyarihan. Nagkaroon ito ng bisa. Marami ang dating nakagapos; ang ilan ay mga asawang babae na pinipigilan ng kanilang mga asawa, at ang ilan ay mga anak na hinahadlangan ng kanilang mga magulang. Ang matapat

na pinipigilan na marinig ang katotohanan ngayon ay nanabik na panghawakan ito. Ang lahat ng pagkatakot sa kanilang mga kamag-anak ay nawala, at ang katotohanan lamang ang mahalaga sa kanila. Sila ay nagugutom at nauuhaw para sa katotohanan; ito ay mas mahal at mas mahalaga pa kaysa sa buhay. Ako ay nagtanong kung ano ang gumawa ng malaking pagbabagong ito. Ang isang anghel ay sumagot, Ito ay ang huling ulan, ang nakakapagpaginhawang mula sa presensya ng Panginoon, ang malakas na sigaw ng ikatlong anghel.’

“Ang dakilang kapangyarihan ay nasa mga hinirang na ito.”¹¹

“Ang mga lingkod ng Diyos, na ang kanilang mga mukha ay nagliliwang at sumisinag sa banal na pagtatalaga, ay magmamadali mula sa isang dako tungo sa isang dako upang ipahayag ang mensahe mula sa langit. Sa pamamagitan ng libu-libong mga tinig, sa buong kalupaan, ang mensahe ay ibibigay. Ang mga himala ay isasagawa, ang mga maysakit ay pagagalingin, at ang mga tanda at himala ay sumusunod sa mga mananampalataya. Si Satanas ay gagawa din ng kahangahangang kasinungalingan, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao. Pahayag 13:13. Sa gayon ang mga naninirahan sa lupa ay dinadala upang pumili ng kanilang paninindigan.

“Ang mensahe ay ihahatid hindi sa pamamagitan ng pagtatalo kundi sa pamamagitan ng malalim na pananalig na dulot ng Espiritu ng Diyos. Ang mga pagpapaliwanag ay naipahayag na. Ang binhi ay naihasik na, at ngayon ito ay sisibol at mamumunga. Ang mga nilimbag na mga babasahin na ipinamahagi ng misyonerong mga manggagawa ay nagkaroon na ng kanilang impluwensya, subali't marami sa mga nahipo ang mga isipan ay napipigilan mula sa lubos na pag-unawa sa katotohanan o mula sa pagpapasakop sa pagsunod.

Ngayon ang mga sinag ng liwanag ay tumatagos saanman, ang katotohanan ay makikita sa kanyang

kalinawagan, at ang mga matapat na anak ng Diyos ay puputulin ang mga gapos na pumipigil sa kanila. Ang mga relasyong pampamilya, ang mga kaugnayan sa iglesia, ay wala nang kapangyarihang humadlang sa kanila ngayon. Ang katotohanan ay higit na mahalaga



kaysa sa lahat. Sa kabila ng mga puwersang nagsasanib laban sa katotohanan, isang malaking bilang ang naninindigan sa panig ng Panginoon.”¹²

“Ang pag-ibig ni Kristo, ang pag-ibig sa ating mga kapatid, ay magpapatotoo sa sanglibutan na tayo ay nakasama ni Hesus at natuto sa Kanya. Sa gayon ang mensahe ng ikatlong anghel ay lalakas bilang malakas na sigaw, at ang buong lupa ay maliliwanagan ng kaluwalhatian ng Panginoon.”¹³

Isang napapanahong panawagan

“Ang mga tungkuling nasa ating harapan mismo na kailangang gawin ng isang tao, ay dapat nating kunin, at huwag iwasan o umiwas sa paggawa sa kanila dahil hindi sila ayon sa ating mga hilig. Maaari nating sanayin ang kaluluwa na magsikap, binubuhay ang mga pasanin at ginagampanan ang mga tungkuling nasa paligid natin, upang tayo ay maging malakas sa pagdaig sa sarili sa pagtagumpay sa mga kahirapan. Sa halip na maging mga alipin ng mga pangyayari, maaari tayong magkontrol sa mga pangyayari, at maaari tayong magtagumpay sa pagdaig sa mga balakid.”¹⁴

“Tayo ngayon ay nasa larangan ng digmaan. Walang ng oras para magpahinga, walang oras para sa kaginhawahan, hindi na oras para sa makasariling pagpapakabuyo. Pagkatapos makamit ang isang kalamangan, kinakailangan mong makipaglaban muli; kinakailangan mong magpatuloy na nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay, nangangalap ng bagong kalakasan para sa mga bagong pakikibaka. Ang bawat tagumpay na nakakamit ay nagbibigay ng dagdag na lakas ng kalooban, ng pananampalataya, at determinasyon. Sa pamamagitan ng banal na kalakasan ay mapapatunayan mong higit ka sa iyong mga kaaway.”¹⁵

“Ang Diyos ay ninanais na sundin Siya ng Kaniyang bayan dahil nauunawaan nila na ang pagsunod ay gagawin silang mga lalaki at babae na may malalim na pang-unawa. Inaakay Niya ang may kusang-loob at masunurin sa Kaniya ng mga bigkis ng pag-ibig. Ninanais niya ang kanyang bayan ay lumabas na nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay. Ito ay kanilang pribilehiyo na ihayag sa kanilang pamumuhay ang katangian ng kanilang pinuno. Ang mga kaluluwa ng mga lalaki at babae ay may walang katumbas na halaga sa paningin ng Diyos, hindi dahil, gaya ng sinasabi ng marami, na mayroon silang likas na imortalidad, kundi dahil ito ay posible para sa kanila sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo na makamit ang kawalang kamatayan. Si Kristo lamang ang mayroon imortalidad. Ang pananampalataya sa Kaniya para sa nagsisising kaluluwa ay ang binhi ng bagong buhay.”¹⁶

Ang pag-ibig ni Kristo, ang pag-ibig sa ating mga kapatid, ay magpapatotoo sa sanglibutan na tayo ay nakasama ni Hesus at natuto sa Kanya. Sa gayon ang mensahe ng ikatlong anghel ay lalakas bilang malakas na sigaw, at ang buong lupa ay maliliwanagan ng kaluwalhatian ng Panginoon

“Ang mga manggagawa ng Diyos ay dapat magtamo ng mas malalim na karanasan. Kung kanilang

“Ang pag-ibig ni Kristo, ang pag-ibig sa ating mga kapatid, ay magpapatotoo sa sanglibutan na nakasama natin si Hesus at natuto sa Kaniya. Sa gayon ang mensahe ng ikatlong anghel ay lalakas bilang malakas na sigaw, at ang buong lupa ay maliliwanagan ng kaluwalhatian ng Panginoon.”



isusuko ang lahat sa Kaniya, Siya ay gagawa ng may kapangyarihan para sa kanila. Kanilang itatayo ang watawat ng katotohanan sa mga kuta na dati ay hawak ni Satanas, at sa gitna ng mga hiyaw ng tagumpay ay sasakupin nila ito. Dala nila ang mga pilat ng pakikipaglaban, subali’t darating sa kanila ang nakakaaaliw na mensahe na pangungunahan sila ng Panginoon, na nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay.”¹⁷


“Nais ng Panginoon na ang Kanyang mga katiwala ay gampanan ang kanilang mga tungkulin nang matapat sa Kanyang pangalan, at sa Kanyang kalakasan. Sa pamamagitan ng pananampalataya at pagganap sa Salita, sila ay maaaring magtagumpay at patuloy na magtatagumpay.”¹⁸

“Ang mga anak ng makalangit na Hari ay nakikipaglaban sa paningin at presensya ng buong sansinukob ng Diyos, at ang katotohanang ito ay dapat magbigay-kalakasan sa atin sa pakikibaka, na pinangungunahan tayo na nagtatagumpay at patuloy na magtatagumpay.”¹⁹

Mga Reperensya:

- 1 *The Desire of Ages*, p. 123.
- 2 *Christ's Object Lessons*, p. 120.
- 3 *Testimonies for the Church*, vol. 7, p. 31.
- 4 *The Review and Herald*, September 17, 1903.
- 5 *Counsels to Parents, Teachers, and Students*, p. 353.
- 6 *Testimonies for the Church*, vol. 8, pp. 41, 42.
- 7 *The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1146.
- 8 *The Spirit of Prophecy*, vol. 4, pp. 429, 430.
- 9 *Testimonies for the Church*, vol. 9, p. 126.
- 10 *My Life Today*, p. 311.
- 11 *Early Writings*, p. 271.
- 12 *The Great Controversy*, p. 612.
- 13 *Testimonies for the Church*, vol. 6, p. 401.
- 14 *Manuscript Releases*, vol. 15, pp. 240, 241.
- 15 *The Signs of the Times*, September 7, 1891.
- 16 *The Review and Herald*, Hulyo 10, 1900.
- 17 *Ibid.*, September 17, 1903.
- 18 *Manuscript Releases*, vol. 8, p. 161.
- 19 *The Signs of the Times*, April 4, 1895.

Historical Timeline



Anong Espiritu Ang Nasa Iyo

by Eliza H. Morton

Anong espiritu mayroon ka, kapatid ko?
Anong espiritu mayroon ka kaibigan ko?
Ang Espiritu ba ng Tagapagligtas na si Cristo,
Ang Kanyang ipinangakong Espiritu?

Espiritung nagbibigay aliw sa atin,
Espiritung umaakay sa pananalangin?
Espiritung nagsisikap sa pakikipagkaisa,
Kay Jesus saan mang dako ay kasama?

Espiritung puspos ng kababaang-loob,
May pag-ibig at kapangyarihang hindi masayod.
Espiritung may pagdamay para sa iba,
Sa bawat sandali, at oras maaasahan Siya?

May espiritu ng napakasama,
Sa buong kalupaa'y gumagala.
Anong espiritu, kaibigan ko, ang sa iyo'y umaalalay,
Na sa isip mo'y naghahari't gumagabay?

Oo, si Satanas at ang kanyang hukbo,
Ay kumikilos sa mundo sa puso ng tao.
Upang sa kaluwalhatian ng banal na Diyos ay mailayo tayo,
Tungo sa kadiliman magdusa tayo nang husto.

Ngunit pananampalataya ang magdadala,
Ng Espiritu ng Diyos sa ating kaluluwa.
Bumangon ka't ang pangako'y yakapin,
Bumangon ka't ang liwanag mo'y magniningning!